

# ANG BINHI NG PAGKALIHIS



Napili ko sa gabing ito para sa maikling paksa, o maikling pagbasa, kung loloobin ng Panginoon, upang ibigay sa atin ang nilalaman nito, mula sa San Mateo 13:24 hanggang 30. At pagkatapos rin ako—nais kong bumasa mula sa 36 hanggang sa 40, sa loob lamang ng ilang saglit. Ngayon San Mateo, ika-13 kabanata, at simula sa ika-24 na talata ng ika-13 kabanata ng San Mateo. Makinig nang maigi sa pagbasa ng Salita. Ang mga salita ko'y mabibigo, datapuwa't ang sa Kaniya'y hindi.

*Sinaysay niya sa kanila ang ibang talinghaga, na sinasabi, Ang kaharian ng langit ay tulad sa isang taong naghasik ng mabuting binhi sa kaniyang bukid:*

*Datapuwa't samantalang nangatulong, ang tao ay dumating ang kaniyang kaaway at naghasik naman ng mga pangsirang damo sa pagitan ng trigo, at umalis.*

*Datapuwa't nang sumibol ang mga usbong, at mamunga, ay lumitaw din ang pangsirang damo.*

*At ang mga alipin ng puno ng sangbahayan ay nagsiparoon at nangagsabi sa kaniya, Ginoo, hindi baga naghasik ka ng mabuting binhi sa iyong bukid? Saan kaya nangagmula ang mga pangsirang damo?*

*At sinabi niya sa kanila, Isang kaaway ang gumawa nito. At sinabi sa kaniya ng mga alipin, Ibig mo baga na kami nga'y magsiparoon. . . mga yao'y pagtipunin?*

*Datapuwa't sinabi niya, Huwag; baka sa pagtitipon ninyo ng mga pangsirang damo, ay inyong mabunot pati ng trigo.*

*Pabayaan ninyong magsitubo silang kapuwa hanggang sa panahon ng pag-aani: at sa panahon ng pagaani ay sasabihin ko sa mga mangaani, Tipunin muna ninyo ang mga pangsirang damo, at inyong pagbibigkisin upang sunugin: datapuwa't tipunin ninyo ang trigo sa aking bangan.*

<sup>2</sup> Napansin n'yo ba, “Tipunin muna ang mga panirang damo, at bigkisin sila”? Ngayon, habang binabasa ito, may kung anong kakaibang bagay na dumating sa akin habang ako'y nakaupo doon sa tuktok ng bulubundukin ng Catalina nung isang gabi, sa pananalangin. At nang magkagayo'y naisip ko, saan kaya ako kakalap ng isang salitang magagamit ko para rito sa nais kong ipangusap sa gabing ito?

<sup>3</sup> At ako'y bumaba at nasumpungan ang salitang *pagkalihis*, kaya't kinuha ko ang diksiyunaryo at tiningnan kung ano ang kahulugan ng salitang *pagkalihis*. At ito ay nangangahulugang

“paghahasik ng di-pagkakasundo,” o—o, “ang pagiging salungat,” gaya ng sinasaad ng Webster, “naghahasik ng isang di-pagkakasundo, isang pagkakaiba,” o, “sumasalungat sa kung ano ang dati nang umiiral.” Kaya naisip ko, ang paksa ngayong gabi, ay tatawagin kong: *Ang Binhi ng Pagkalihis*. At umaasa akong pagpapalain ng Panginoon ang Kaniyang Salita ngayon habang tinutunguhan natin Ito.

<sup>4</sup> At alam din natin na ipinaliwanag Niya, sa talatang 36 at— at hanggang 43, kung paanong ang binhing ito ay gumulang. At habang naririto tayo, ay basahin na rin natin iyon, sa talatang 36 ngayon hanggang 43.

*At nang magkagayon ay iniwan ni Jesus ang karamihan, at pumasok sa bahay: at sa kaniya’y nagsilapit ang mga alagad, na nagsisipagsabi, Ipaliwanag mo sa amin ang talinghaga tungkol sa mga pansirang damo sa bukid.*

*At Siya’y sumagot at nagsabi, Ang naghahasik ng mabuting binhi ay ang Anak ng tao;*

*At ang bukid ay ang sanglibutan; at ang mabuting binhi ay ang mga anak ng kaharian; datapuwa’t ang mga pansirang damo ay ang mga anak ng masama;*

*Ang kaaway na naghasik ng mga ito ay ang diablo; at ang pag-aani ay ang katapusan ng sanglibutan; at ang mga mang-aani ay ang mga anghel.*

*Kung paano ang pagtipon sa mga pansirang damo at pagsunog sa apoy; gayon din ang mangyayari sa katapusan ng sanglibutan.*

*Susuguin ng Anak ng tao ang kaniyang mga anghel, at kanilang titipunin sa labas ng kaniyang kaharian ang lahat ng mga nangakapagpapatissod, at ang mga nagsisigawa ng katampalasanan;*

*At sila’y igagatong sa kalan ng apoy: diyan na nga ang pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin.*

*Kung magkagayo’y mangagliliwanag ang mga matuwid na katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama. Ang may pakinig. . . ay makinig.*

<sup>5</sup> Iyo’y si Jesus na nagbibigay ng paliwanag ukol sa talinghaga, Siya mismo, kaya’t alam na natin kung ano ang kahulugan ng pagpapaliwanag. At ngayon habang patungo tayo rito, ang paghahasik na ito ng binhi at—at ang pag-ani, ngayon ay ipinaliliwanag Niya ito. At gayon din naniniwala akong si Jesus ay nagsasaysay ng talinghagang ito sa Kaniyang panahon, ngunit ang tinutukoy Niya ay ang wakas ng sanlibutan, o, ang wakas ng panahon, na siyang araw na *ito*. At naniniwala akong ang munting paksang ito ngayong gabi ay isang angkop na angkop para sa oras na pinamumuhayan natin, dahil malinaw

na sinabi ni Jesus dito na “ang pinagtitipon ay magaganap sa wakas ng sanlibutang ito,” na iyan iyan ay kung kailan nga ang katapusan ay magaganap; ang pagtitipon ng trigo, at gayon din ang pagtitipon ng mga panirang damo at pagsusunog sa mga ito, at ang pagdadala sa trigo papasok sa Kaharian. At naniniwala akong ganito ito.

<sup>6</sup> At isa pang Kasulatan ang umaakay sa akin upang maniwala nang ganito, na isinulat ko na rito, ay Mateo 24:24, kung saan sinabing, ang tinutukoy ay ang tungkol sa—sa luklukan, ang binhi ng pagkalahis, sinabi ni Jesus na ang dalawa ay magiging magkahawig na magkahawig hanggang sa madadaya nito ang pinaka Hirang kung maaari lang. Halos tumpak na magkahalintulad.

<sup>7</sup> Isa pang dako sa Kasulatan kung saan ito ay nasusulat, na ang ulan ay pumapatak sa matuwid at sa hindi matuwid.

<sup>8</sup> Naaalala ko ang aking kauna-unahang karanasan sa pakikihalubilo sa mga taong Pentecostal. Ako noo’y nasa Mishawaka, Indiana. At ako’y nasa isang malaking pagtitipon, sa isang bulwagang parang katulad nito, kung saan ang Hilaga at Timog ay kapwa nagkasama. Dahil sa mga panahong iyon, ng paghihiwalay, doon nila kinailangang magtipon. Ang mga iyon ang dalawang malalaking kapisanan ng mga kapatid na Pentecostal. Hindi ko pa nabalitaan minsan man ang tungkol sa kanila o nakatagpo man lang sila noon. Ang unang pagkakataon na nakarinig ako ng pagsasalita sa iba’t-ibang mga wika. At sa dulo ng hanay, ng pagtitipon. . . Ako bilang isang di kasapi nila, ako noo’y isang bata pang ministrong Baptist, naupo ako roon sa bandang malayo sa may likuran. At naaalala ko nang una akong makarinig ng taong nagsasalita sa iba’t-ibang wika, ni hindi ko alam kung ano—ano ba ang tungkol doon. At nang magkagayo’y ang dalawang lalaking ito, unang-una, nangakaupo sa harapan, ang isa ay magsasalita sa iba’t-ibang mga wika at ang isa naman ay magpapaliwanag kung ano ang sinabi ng lalaki. Aba, ako’y nagsimula na lamang na mag-aral ng aking Biblia nang buo kong makakaya, doon pagkatapos, at natuklasan kong iyon ay Iskriptural. Iyon talaga kung ano ang nasa Kasulatang, gagawin ng Espiritu.

<sup>9</sup> Buweno, mga isang araw pagkatapos niyon. . . Nang gabing iyon ang puso ko ay galak na galak. Natulog ako sa isang maisan. Wala akong sapat na pera upang makakuha ako ng isang—isang—isang higaan, kaya sapat lang ang pera ko para ako makauwi, at ako’y nagbaon para sa akin ng ilang donat, na dalawang araw na, o ensaymada pala, at para almusalin ko. At ako ay malugod na tinatanggap na makasalo nila sa pagkain, subalit wala akong maiambag na pera. Noong mga panahong iyon, iyon ay panahon ng pagdarahop, 1933, kaya’t iyon ay naging-iyon ay naging lubhang napakahirap. Kaya’t naisip ko, “Aba, paano? Ayaw kong makisalo sa kanila sa pagkain, ngunit

nais kong malaman kung ano'ng mayroon sila. May angkin silang isang bagay na wala sa akin.”

<sup>10</sup> Kaya nang umagang iyon ako ay... tinawagan nila ako, “Lahat po ng mga ministro ay pumunta sa plataporma at ipakilala n’yo lamang ang inyong sarili, kung sino kayo, kung tagasaan kayo.”

<sup>11</sup> Aba, ako’y—ako’y nagsabi na lang, “William Branham, ebanghelistang, Jeffersonville,” at ako’y naupo na. Mangyari, sa pagkakataong iyon ay ako ang pinakabatang ministro na nasa plataporma. At nang sumunod na araw ay tinawag nila ako sa plataporma upang magsalita. At nang matapos akong magsalita, aba, naging napakaganda ng pagkakataong iyon, at pagkatapos ay nagsimula akong makakilala ng iba’t ibang taong nag-aanyaya sa akin sa kanilang mga iglesia. Pagkaraan pagkatapos nilang... .

<sup>12</sup> Pagkatapos noon, aba, naisip ko, “Kung makaparoroon lang ako sa kinalalagyan ng dalawang pangunahing lalaking iyon na nagsalita sa iba’t-ibang wika at nagpaliwanag!” Iyo’y nagparingas ng aking puso, ninasa ko ito nang labis. Buweno, gaya ng sinabi ko na sa inyo sa pasimula, isang munting kaloob na inyong hinahatak. Alam n’yo, ang mga kaloob at pagkatawag ay hindi binabawi, taglay mo ang mga ito sa tanang buhay mo, kita n’yo, isinilang kang taglay ang mga ito, kung ang mga ito’y kaloob ng Diyos. Kaya sa tuwina, mula pa nang ako’y munting sanggol pa lamang, lagi itong nangyayari sa akin, ang mga taong nakakikilala sa akin sa kabuuan ng buhay ko, alam nilang iyon ay totoo. Aba, kung inisip kong... . hindi ko pa alam ito noon, tawagin man itong isang pangitain, basta’t hindi ko alam kung ano iyon. Subalit inisip ko, “Kung magagawa ko lang na makausap sila!” Aba, at ang espiritung naroroon sa gusali ay nakapag-padama na tila ba iyo’y talagang ang Espiritu ng Diyos.

<sup>13</sup> Kaya aking—aking nakausap ang isa sa kanila, at tinanong ko siya ng ilang mga katanungan, at siya ay talagang isang tunay na Cristiano. Walang alinlangan tungkol doon, ang lalaking iyon ay isang tunay na mananampalataya. At ang sumunod na lalaki, nang kausapin ko siya, kung ako’y nakatagpo ng isang ipokrito, isa na siya sa mga iyon. Ang lalaking iyon sa totoo ay... . Ang asawa niya ay isang babaeng kulay mais ang buhok, at siya ay may mga anak sa... . dalawa ang anak niya sa isang babaeng ang buhok ay itim. At naisip ko, “Aba, ano na ngayon? Naririto, ako’y—ako’y naguluhan. Ako’y isang pundamentalista; kinakailangang ito’y ang Salita, o hindi ito tama. At narito ang Espiritung iyon, ang isa’y umalingawngaw, ayon sa abot ng nalalaman ko, ito’y tunay; at ’yung isa naman ay wala talagang kabuti-buti; at ang Espiritu ay lumulukob kapuwa sa kanilang dalawa. Ngayon, paanong nangyayari ’yon?” Ako’y, ito’y nakapagpalito sa akin.

14 Pagkalipas ng dalawang taon, nananalangin ako sa isang kuweba kung saan ako'y nagtutungo upang manalangin. Naging maalikabok sa loob ng kuweba, at isang hapon lumakad akong palabas, inilapag ang aking Biblia sa ibabaw ng isang troso, at hinipan Ito ng hangin at bumukas sa Hebreo, sa ika-anim na kabanata. Na nagsabi, na sa huling mga araw, kung paanong mangyayaring kung tayo'y tatalikwas mula sa Katotohanan at muli na naman tayong magsisisi, ay wala nang natitira pang hain para sa kasalanan, at kung paanong ang mga tinik at dawag, na nalalapit sa pagtatakwil, na ang kahihinatnan ay ang sunugin; datapuwat ang ulan ay dumarating sa lupa, madalas, upang diligin ito, upang damtan ito; datapuwat ang mga tinik at dawag ay itatakwil, kundi ang trigo ay titipunin. At naisip ko, "Buweno, nagkataon lang na nabuklat iyon ng hangin." Buweno, inilapag ko na lang uli ang Biblia. At inisip ko, "Buweno, ngayon ako na lang ay. . ." At heto na naman ang hangin at muling binuklat Ito. Tatlong ulit nangyari iyon. At inisip ko, "Aba, ngayon, iya'y kakaiba."

15 At pagkatapos sa aking pagtayo, at naisip ko, "Panginoon, bakit Mo binubuklat ang Bibliang iyon upang mabasa ko iyon, ako'y. . . nang mabasa ko ang salitang iyon, sa 'mga tinik at dawag, na nalalapit sa pagkakatakwil, na ang siyang kahihinatnan ay ang sunugin?'" Naisip ko, "Bakit, Mo iyon binubuklat sa akin sa dakong iyon?" At habang ako'y nakatanaw sa labas. . .

16 Ngayon, ang mga tunay na pangitaing ito ay dumarating nang hindi ko pinagsisikapin. Iyon lamang ay ang Diyos. Kita n'yo? Tumingin ako at nakakita ako ng isang mundong umiinog sa aking harapan, at nakita kong ito'y nabungkal na. Doon ay may isang lalaking nakaputi, lumilibot siyang naghahasik ng trigo. At pagkatapos niyang maglibot sa kurbada ng mundo; dumating ang isang lalaki, nakahihindik ang anyo, at nakasuot siya ng itim, at nagsasaboy siya ng mga binhi ng damo sa kabuuan nito. Kapuwa silang tumubong magkasama. At nang tumubo sila, ay kapuwa sila uhaw, dahil kinailangan nila ang ulan. At bawat isa ay mistulang nananalangin, na ang kanyang ulo'y nakayuko, "Panginoon, isugo Mo ang ulan, isugo Mo ang ulan." At ang mga malalaking ulap ay dumating at bumuhos ang ulan sa kanilang dalawa. Nang magkagayon, ang munting trigo ay lumukso at nagsimulang magsabi, "Purihin ang Panginoon! Purihin ang Panginoon!" At ang munting damo ay lumukso rin sa tabi nito, at nagsabi, "Purihin ang Panginoon! Purihin ang Panginoon!"

17 At pagkatapos ay binigyang paliwanag ang pangitain. Ang ulan ay bumubuhos sa matuwid at sa hindi matuwid. Ang Espiritu ring iyon ay maaaring bumuhos sa isang pagtitipon, at ang bawat isa'y magdiwang dito: mga mapagpaimbabaw, mga Cristiano, at sama-samang lahat. Tamang-tama. Ngunit ano ito?

Sa kanilang mga bunga ay nakikilala sila. Kita n'yo? Iyon lang ang tanging paraan upang ito'y maaaring makilala.

<sup>18</sup> Kung gayo'y nakikita n'yo na ito ngayon, dahil ang mga ligaw na halaman, o ligaw na trigo at butil kung minsan ay nakakatulad ng isang tunay, na pantahanang butil, labis na napakalapit na magagawa nitong dayain ang pinaka Hirang. Sa palagay ko'y nabubuhay tayo sa isang napapanahong kapanahunan, kung kailan ang mga bagay na ito ay dapat ipangaral at pag-usapan.

<sup>19</sup> Pansinin sa talatang 41, ang dalawa ay lubhang magkahawig, lubhang magkahawig sa huling mga araw hangang sa hindi Niya nagawa itong...hindi Niya maipagkatiwala sa ilang kung anong iglesia upang pagbukurin sila, halimbawa, ang Metodista o ang Baptist, o ang mga Pentecostal, upang pagbukurin sila. Sinabi Niya, "Isinusugo Niya ang Kaniyang mga anghel upang pagbukurin sila." Isang anghel ang darating upang maghatid ng pagbubukod, ang paghihiwalay sa pagitan ng tama at ng mali. At walang sinumang makagagawa niyan kundi ang Anghel ng Panginoon. Siya ang tanging magsasabi kung alin ang tama at kung alin ang mali. Sinabi ng Diyos na isusugo Niya ang Kaniyang mga anghel sa huling mga panahon. Hindi mga anghel sa mga naunang panahon, kundi mga anghel sa huling panahon, at sila ang magtitipon. Alam natin ngayon na ito na ang parating na panahon ng pag-aani. Ngayon, ang *anghel* sa katunayan ay ipinaliliwanag bilang isang "mensahero." At nakikita natin na may pitong anghel ang pitong iglesia, at ngayon . . . hindi, sa loob ng mga kapanahunan ng iglesia.

<sup>20</sup> Pansinin kung sino ayon sa Kaniya ang mga tagapaghasik, at kung ano pati ang binhi. Una, ang tagapaghasik ay Siya, ang Anak ng Diyos, na humayo't naghasik ng Binhi. At isang kaaway ang dumating sa likuran Niya, at ito ay ang Diablo, at naghasik ng binhi ng pagkalihis, kasunod ng paghahasik ng tamang Binhi. Ngayon, mga kaibigan, iyan ay naganap sa bawat panahon mula pa nang magkaroon tayo ng mundo. Akmang-akma. Mula pa sa pinakapasimula, nasimulan na ang gayon ding bagay.

<sup>21</sup> Ngayon sinabi Niya, "Ang Binhi ng Diyos, ang Salita ng Diyos." Sinabi ni Jesus, sa isang dako, na "Ang Salita ay isang Binhi." At bawat binhi ay mamumunga ng ayon sa uri nito. At ngayon kung ang Cristiano, ang mga anak ng Diyos, ang mga anak ng Kaharian ay naging Binhi ng Diyos, kung gayon sila na nga ang Salita ng Diyos, ang Salita ng Diyos na naipahayag sa panahong kanilang kinabubuhayan, para sa ipinangakong Binhi ng panahong iyon. Ibinigay ng Diyos ang Kaniyang Salita sa pasimula, at bawat panahon ay nagkaroon ng kaniyang Binhi, ng kaniyang pagkakataon, ng kaniyang mga pangako.

22 Ngayon, nang dumating si Noe sa eksena, at siya ay ang Binhi ng Diyos, ang Salita ng Diyos para sa panahong iyon.

23 Nang dumating si Moises, hindi siya maaaring dumating na ang dala ay ang mensahe ni Noe, hindi ito gagana, dahil siya ang Binhi ng Diyos sa panahong iyon.

24 Pagkatapos nang dumating si Cristo, hindi Siya maaaring dumating na taglay ang panahon ni Noe o ni Moises; iyon ay panahon Niya, upang ang isang birhen ay maglihi at magluwal ng isang Anak na lalaki, at Siya ang magiging Mesiyas.

25 Ngayon, tayo'y dumaan na sa panahon ni Luther, sa panahon ni Wesley (panahon ng Metodista), sa lahat ng mga kapanahunan, at ang panahong Pentecostal, at bawat panahon ay pinagkalooan ng isang pangako ng Salita. At ang mga tao ng panahong iyon, na nagpahayag ng ipinangakong Salitang iyon, ay ang Binhi ng panahong iyon, ayon sa isinaysay ni Jesus dito mismo, "Sila ang mga anak ng Kaharian." Tama 'yan. Ang manipestasyon ng Espiritu Santo na kumikilos sa pamamagitan ng Kaniyang mga anak ay ang mga Binhing iyon ng Kaharian sa panahong yaon.

26 Pansinin, ang mga panirang damo ay yaong isa, ang kaaway, si Satanas, na naghasik ng di pagkakaayon, o ang—ang binhi ng pagkalihis, siya ang siyang maysala sa paggawa ng kalagim-lagim na bagay na ito. Inihasik ni Satanas ang kaniyang binhi mula pa sa pasimula, nang ilagay ng Diyos ang Kaniyang unang ani ng mga tao sa ibabaw ng lupa. Si Adan, siyempre, ay mababatid pa lamang na na mayroong isang—isang kaalaman ng katotohanan, at ng tama at mali, at hindi pa muna siya umaabot doon.

27 Datapuwat makikita natin, ibinigay ng Diyos sa Kaniyang mga anak ang Kaniyang Salita bilang kanilang Pananggalang. Ang kanilang...Wala na tayong iba pang Pananggalang maliban sa Salita ng Diyos. Iyan ang ating Pananggalang. Walang anumang bomba, walang mga kublihan, walang mga dakong mapagtataguan, walang mga Arizona o mga California, o saan man iyon; iisa lang ang Pananggalang natin, at iyon ay ang Salita. At ang Salita ay nagkatawang tao at nanahan sa ating kalagitnaan, na Siyang si Cristo Jesus, Siya ang ating tanging Pananggalang. Bilang nasa Kaniya, tayo ay ligtas.

28 Ni hindi nga ibinibilang ang kasalanan sa isang tunay na mananampalataya. Alam ba ninyo iyan? Siya na ipinanganak mula sa Diyos, ay hindi gumagawa ng kasalanan hindi siya maaaring magkasala. Kita n'yo? Ni hindi ito ibinibilang. Aba'y, si David ay nagsabi, "Pinagpala ang taong sa kaniya'y hindi ibibilang ng Diyos ang kasalanan." Kung ika'y na kay Cristo, wala ka nang pagnanasang magkasala. "Ang sumasamba, sa sandaling malinis, ay wala nang kamalayan tungkol sa kasalanan," hindi mo ito ninanasa. Ngayon, para sa sanlibutan,

ikaw ay maaaring isang makasalanan; subalit, sa Diyos, ikaw ay hindi, sapagkat ikaw ay na kay Cristo. Paano kang magiging isang makasalanan gayong ikaw’y nasa Isang walang kasalanan, at tanging ang nakikita ng Diyos ay Siya na iyong kinalalagyan?

<sup>29</sup> Ngayon ang panahon ng anihang ito. Sa pasimula, nang ihasik ng Diyos ang Kaniyang Binhi sa ibabaw ng lupa at ipinagkaloob ito sa mga puso ng Kaniyang mga anak, ang Kaniyang pamilya, upang tuparin nila yaong Salita, [tanging iyon lamang ang kanilang Pananggalang], ang tuparin ang Salitang iyon! Heto na’t pumasok ang kaaway at winasak ang Harang na iyon, sa pamamagitan ng paghahasik ng binhi ng pagkalihis, salungat sa Salita ng Diyos. Kung iyon ay pagkalihis sa pasimula, ganoon pa rin ito ngayon! Anumang bagay na magdaragdag ng anuman sa Salita ng Diyos, ay binhi pa rin ng pagkalihis! Hindi mahalaga sa akin kung saan man ito nagmula, kung ito’y mula sa samahan, kung ito’y mula sa militar, kung ito’y mula sa kapangyarihang pampulitika, anumang bagay na salungat sa Salita ng Diyos, ay ang binhi ng pagkalihis!

<sup>30</sup> Kapag tumayo ang isang tao at nagsasabing siya’y isang mangangaral ng Ebanghelyo, at sasabihing, “ang mga araw ng mga himala ay lipas na,” iyan ay ang binhi ng pagkalihis. Kapag tumayo ang isang tao at nagsasabing siya’y isang ministro, isang pastor ng isang iglesia sa kung saang lugar, at hindi siya naniniwalang si Jesus Cristo ay hindi nagbabago sa bawat detalye (maliban sa pisikal na katawan), siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man, iyan ay ang binhi ng pagkalihis. Kapag sinabi niyang “ang panahon ng mga himala at ng mga apostoles ay lipas na,” iyan ay binhi ng pagkalihis. Kapag sinabi nilang, “walang gayong bagay na tulad ng pagpapagaling na Mula sa Diyos,” iyan ay binhi ng pagkalihis. At ang mundo ay punung-puno nito. Ito’y lumalago at sinasakal ang trigo.

<sup>31</sup> Mapapansin natin na ang unang tagahasik ng binhi ng pagkalihis ay tinaguriang “ang Diablo,” at alam nating gano’n nga, sa Genesis 1. Ngayo’y makikita natin, at maging dito sa—sa Aklat ni Mateo, ang ika-13 kabanata, tinatagurian pa rin ni Jesus ang anumang paglihis sa Kaniyang Salita bilang “ang Diablo.” At nitong 1956, [anumang bagay na naghahasik ng pagkalihis, na salungat sa nasulat na Salita ng Diyos, o naglalagay ng anumang pansariling pagpapaliwanag Dito, ay ang binhi ng pagkalihis.] Hindi ito pararangalan ng Diyos. Hindi Niya magagawa. Hindi ito maghahalo. Tiyak na hindi. Ito’y tulad ng binhi ng mustasa; hindi ito hahalo sa anupamang ibang bagay, hindi mo ito maihahalong-lahi, ito’y nararapat na siyang dalisay na bagay. Binhi ng pagkalihis!

<sup>32</sup> Ngayon natagpuan natin, nang ihasik ng Diyos ang Kaniyang Binhi sa Halamanan ng Eden, makikita nating ang ibinunga nito ay isang Abel. Datapuwa’t nang maghasik si Satanas ng kaniyang binhi ng pagkalihis, ito’y nagbunga ng



isang Cain. Ang isa'y namunga ng isang matuwid; ang isa'y namunga ng isang hindi matuwid. Dahil nakinig si Eva sa salitang lihis, salungat sa Salita ng Diyos, at sinimulan nito ang paggulong ng bola ng kasalanan doon mismo, at mula noon ay nagpatuloy sa paggulong. At hindi natin kailan man magagawang tanggalin ito nang lubusan hanggang sa ang mga anghel ay magsidating at ihihalay ang naturang bagay, at dadalhin ng Diyos ang Kaniyang mga anak sa Kaharian, at ang mga panirang damo ay susunugin. Pansinin ang dalawang baging na iyon.

<sup>33</sup> Kung mayroon lang sana tayong mas mahabang panahon para sa paksang ito, datapuwat tinutumbok ko lang ang mga mahahalagang bahagi, nang sa gayo'y makatungo na tayo sa pananalangin para sa maysakit sa loob lamang ng ilang sandali.

<sup>34</sup> Pansinin, ang kanilang mga binhi ay magkasabay na tumubo na katulad ng sinabi ng Diyos dito rin sa ika-13 kabanata, ng ating teksto ngayong gabi, sa Mateo, "Pabayaan ninyong kapuwa silang magsitubo." Ngayon, si Cain ay nagtungo sa lupain ng Nod, nakasumpong siya ng isang asawa, at nagpisan sila; at si Abel ay pinaslang, at pinalitaw ng Diyos si Seth upang humalili sa kaniya. At ang mga salinlahi ay nagpasimulang sumulong, sa pagitan ng tama at mali. Ngayon, mapapansin nating nagtipon sila, bawat isa sa kanila, sa bawat paglipat ng panahon, at kinailangan ng Diyos na... Ito'y naging lubhang napakasama hanggang sa kinailangang wasakin na ito ng Diyos.

<sup>35</sup> Ngunit sa wakas ay umusbong sila hanggang sa ang dalawang binhing iyon, ang binhi ng pagkalihis at ang Binhi ng Diyos, ay nangagsipaglitawan ng kanilang tunay na mga anyo, at iyon ay humantong kay Judas Iscariote at kay Jesus Cristo. Dahil, Siya ang Binhi ng Diyos, Siya ang pasimula ng paglalang ng Diyos, Siya'y walang iba kundi Diyos. At si Judas Iscariote ay isinilang na anak ng kapahamakan, nagmula sa impiyerno, nagbalik sa impiyerno. Si Jesus Cristo ay ang Anak ng Diyos, ang Salita ng Diyos na nahayag. Si Judas Iscariote, sa kaniyang pagkalihis, ay ang binhi ng Diablo, naparito sa sanlibutan, at upang makapandaya; tulad ng kung ano siya sa pasimula, si Cain, ang kaniyang sinaunang ama.

<sup>36</sup> Si Judas ay naglaro lamang ng iglesia. Hindi siya totoong tapat, hindi talaga siya sumampalataya (disin sana'y hindi niya nagawang ipagkanulo si Jesus). Ngunit, kita n'yo, inihask niya ang binhing iyon ng pagkalihis. Inakala niyang maaari siyang makipagkaibigan sa sanlibutan, sa mga materyal na kayamanan, at makipagkaibigan din kay Jesus, datapuwat naging napakahuli na para makagawa siya ng kahit ano tungkol dito. Nang ang oras ay sumapit na, nang gawin niya ang masamang bagay na ito, tinawid niya ang guhit ng paghihiwalay sa pagitan ng pagsulong at pagbabalik. Kinailangan niyang magpatuloy sa landas na kanyang tinahak, bilang isang

mandaraya. Inihasik niya ang binhi ng pagkalihis, sinikap niyang lugurin ang mga malalaking samahan ng panahong iyon, kasama ang mga Fariseo at mga Saduceo. At inakala niyang magkakaroon siya ng, at magiging tanyag sa mga tao. Kung hindi ba naman iyan ang nagiging dahilan kung bakit napupunta ang napakaraming tao sa pagkalihis na iyon, sa pagsisikap na malugod niya ang tao! Ating bigyan ng lugod ang Diyos, hindi ang tao. Datapuwat gayon ang ginawa ni Judas nang ang pagkalihis na ito ay humantong sa kaniya.

<sup>37</sup> At alam nating si Jesus ang Salita, sa San Juan 1, ay sinabi, “Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang tao at nanahang kasama natin.” Kung gayon, ang Salita ay isang Binhi, at nang magkagayon ang Binhi ay nagkatawang tao at nanahang kasama natin.

<sup>38</sup> Kung si Judas ang binhi ng kaaway at ng pagkalihis, ito rin naman ay nagkatawang tao at nanahang kasama natin sa katauhan ni Judas Iscariote. Kailan man ay hindi siya nagkaroon ng tunay, tunay na pananampalataya. Ang nasa kaniya ay ang *inakala* niyang isang pananampalataya. Mayroong gayong isang bagay gaya ng pagkakaroon ng pananampalataya; at isang pakunwaring pananampalataya.

<sup>39</sup> At ang isang tunay na pananampalataya na mula sa Diyos ay sasampalataya sa Diyos, at ang Diyos ay ang Salita, hindi ito magdaragdag ng anuman Dito. Sinasabi ng Biblia sa atin na kung magdaragdag tayo ng isang salita, o magbabawas ng isang Salita, ang bahagi natin ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay, Apocalipsis 22:18, ang huling pampinid na kabanata.

<sup>40</sup> Sa unang pasimula, sa unang Aklat ng Biblia, binilinan sila ng Diyos na huwag susuwayin ang isa mang Salita Niyaon, “bawat salita ay dapat sundin,” dapat nilang ipamuhay ang Salitang iyon. Si Jesus, sa kalagitnaan ng Aklat, ay dumating at nagsabi niyaon sa Kaniyang panahon, at sinabing, “Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa bawat Salita na—na lumalabas sa bibig ng Diyos.” At sa pampinid na panahon ng Apocalipsis, ay inihabilin sa atin, na “Kung sino man ang mag-aalis ng isang Salita mula sa Aklat, o magdaragdag ng isang salita Rito, ang kaniyang bahagi ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay.”

<sup>41</sup> Kung gayon ay hindi pala maaaring magkaroon ng anumang bagay na malabo, yaon lamang tunay, walang halong Salita ng Diyos! Iyon ang mga anak na lalaki ng Diyos, mga anak na babae ng Diyos, na hindi isinilang sa pamamagitan ng kalooban ng tao, o ng pakikipag-kamay, o ng kung anong anyo ng bautismo; bagkus ay isinilang sa Espiritu ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at ipinapamalas ng Salita ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan nila. Iyon ang tunay na Binhi ng Diyos!

<sup>42</sup> Ang kaaway ay sumasapi sa iglesia at nagiging napaka-ortodox sa isang credo o ano pa man. Ngunit iyan ay hindi . . . Iyan ay paglihis, ang anumang nanghihimasok sa katangian ng tunay na Katotohanan ng Salita ng Diyos.

<sup>43</sup> At paano natin malalaman? Sasabihin natin, “Aba, sila, ikaw ay may karapatang magpaliwanag Nito?” Hindi, ginoo! Walang karapatan ang sino mang tao na magpaliwanag sa Salita ng Diyos. Siya ang Sarili Niyang tagapagpaliwanag. Ipinangako Niya ito, pagkatapos ay ginagawa Niya ito, iyon na ang pagpapaliwanag nito. Kapag Ito’y ipinangako Niya, kung magkagayo’y tinutupad Niya Ito, at iyon ang pagpapaliwanag Nito. Anumang bagay na salungat sa Salita ng Diyos ay isang pagkalahis! Walang pasubali!

<sup>44</sup> Ngayon, tulad ng nasabi ko, hindi nagkaroon ng totoong pananampalataya si Judas. Ang nasa kaniya’y isang pakunwaring pananampalataya. Ang taglay niya ay isang— isang pananampalatayang nag-aakalang iyon na nga ang Anak ng Diyos, ngunit hindi niya alam na iyon na nga ang Anak ng Diyos. Disinsana’y hindi niya ginawa ang gayon. At ang taong makikipag-kompromiso tungkol sa Salitang ito ng Diyos na siyang Katotohanan, ang taglay niya’y pakunwaring pananampalataya. Ang tunay na lingkod ng Diyos ay mangungunyapit sa Salitang iyon.

<sup>45</sup> Ilang gabi na ang nakararaan, may isang ministro, na taga-Arizona, ng isang dakila’t, kilalang paaralan dito sa lungsod na ito, ang lumapit sa akin at nagsabi, “Ako—ako’y nagnanais na ituwid ka tungkol sa isang bagay” (Sinabi ko . . .) “kapag nagkaroon ka ng pagkakataon.”

Sinabi ko, “Ito na ang pinakamagandang pagkakataong alam ko. Halika rito.”

<sup>46</sup> At kaya siya ay lumapit sa akin, sinabi niya, “Ginoong Branham, ikaw ay nagsisikap . . . Ako’y naniniwala na ikaw ay sinsero at ikaw ay tapat, ngunit sinisikap mong ipakilala sa sanlibutan ang isang apostolicong Aral.” At ang sabi, “Ang panahong apostolico ay lumipas nang kasama ng mga apostol.”

<sup>47</sup> Sinabi ko, “Ang unang bagay na nais kong itanong sa iyo, kapatid ko, naniniwala ka bang ang bawat Salita ng Diyos ay inspirado?”

Aniya, “Opo, ginoo, tiyak pong ako’y naniniwala.”

<sup>48</sup> Sinabi ko, “Kung gayon, maaari mo bang ipakita sa akin sa Salita kung saan lumipas ang panahong apostolico? Ngayon, ipakita mo sa akin kung nasaan ito, ako’y sasampalatayang kasama mo.” At sinabi ko, “Ang sumulat ng apostolico, yaong may hawak ng mga susi ng Kaharian, sa araw ng Pentecostes nang ang panahong apostolico ay ipinakilala, sinabi nila, ‘Mga Kalalakihan at mga kapatid, ano’ng gagawin namin para kami maligtas?’ Sinabi niya, ‘Mangagsisi, ang bawat isa sa

inyo, at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesus Cristo, sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo, sapagkat sa inyo ang pangako at sa inyong mga anak, at sa kanila na nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.' Ngayon, paanong magagawa ng Salitang salungatin ang Sarili Nito?"

Ang lalaki ay nagsabi, "Malala ang sipon ko ngayong gabi."

Sinabi ko, "Sa palagay ko nga, rin." Kita n'yo?

<sup>49</sup> Ngayon sabihin mo nga sa akin, ang Diyos ba'y patuloy pang tumatawag? Kung ang Diyos ay tumatawag pa rin, kung gayo'y ang panahong apostolico ay umiiral pa rin. Tiyak ito! Ilan man ang tawagin ng ating Panginoong Diyos, yaong tinatawag, yaong tatawagin pa, ilan man ang Kaniyang tatawagin, ito pa rin ay ang panahong apostolico, dahil si Jesus Cristo ay hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan man.

<sup>50</sup> Ngayon, makikita natin ngayon na ang pagkalahis na ito ay naihasik na sa bawat panahon. Kung maaari lamang na kunin ito sa susunod na sampu o labinlimang minuto, ay gagawin ko ito, ngunit hindi mo magagawa. Sa paglipas ng mga panahon. . . Lahat tayo ay, halos tayong lahat ay nagbabasa ng Biblia. At ngayon tulad nang si Jesus ay pumarito, at nasumpungan Niya ang pagkalahis na iyon, na salungat. Siya ang Salitang naipamalas, Siya ang pagpapaliwanag ng Diyos tungkol sa Salita, dahil sinabi Niya, "Saliksikin ang mga Kasulatan, sapagkat iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa Akin." Hayan ka na. Siya—Siya ang pagpapaliwanag ng Salita. At bawat isinilang na muling anak na lalaki at babae ng Diyos sa panahong ito ay ang pagpapaliwanag ng Salita. Kayo ay mga nasulat na liham, na binabasa ng lahat ng mga tao. Oo.

<sup>51</sup> Pansinin, sinabi Niya, "Walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin, na nangagtuturo ng pagkalahis bilang Aral. Walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin, na nangagtuturo bilang Aral ang pagkalahis, aral ng tao, mga credo ng tao, na itinuturong iyon ang Salita ng Diyos, samantalang wala itong kinalaman sa Salita ng Diyos."

<sup>52</sup> Masdan, bawat panahon ay nagbubunga ng gayong ani, bawat panahon ay gumawa nang gayon, at ang atin ay wala ring dahilan. Tayo'y mayroong gayon ding bagay, at isang higit pa ngang dakilang panahon natin kaysa sa pinagsama-samang mga panahong lumipas, sapagkat ito ang pagwawakas ng kasaysayan ng sanlibutan. Ito na ang pinakamalaking pagkalahis na naparito sa ibabaw ng lupa, ay nasa ibabaw ng lupa ngayon. Ang pagkalahis sa ibang panahon ay humila sa kanila palayo mula sa tunay at buhay na Diyos, tungo sa mga diyos-diyosan. Ngayon, sinabi ni Jesus sa Mateo 24:24 na magiging napakalapit

nito hanggang sa pati na ang pinaka Hirang ay madadaya kung maaari lang. Pag-usapan ang tungkol sa pagkalihis! O, napakatuso nito. Si Satanas ay kahalubilo ng mga tao, at sadyang isang teologo, sadyang isang Dalubhasa sa pag-aaral tungkol sa Diyos, may kakayanang makapagturo ng Salitang iyon na halos ay walang mali. Sinabi ito ni Jesus. Datapuwat bantayan mo lang siya, mayroon at mayroon kung saan. Ang sabi, “Buweno, ngayon, iyan ay hindi para dito.” Ay, opo, para rin ito rito, kita n’yo, dahil sinabi ng Diyos na ito nga’y gayon.

<sup>53</sup> Masdan kung ano’ng ginawa nito. Yaong mga pagkalihis ding iyon ang nagdala ng galit ng Diyos sa mga araw ni Noe, nang isugo ng Diyos ang Kaniyang propeta at siya’y nangaral tulad sa naglalagablab na apoy, nanawagan upang magsisi ang mga tao, at ang pagkalihis ay nalunod. Pagkatapos ay ano ang ginawa ni Satanas? Sumunod kaagad sa likuran, sa katauhan ni Ham, at nagpasimulang maghasik muli nito. Iya’y tamang-tama.

<sup>54</sup> Dumating si Moises, ang dakilang propeta, upang dalhin ang mga anak ng Israel palabas sa ilang. Ano’ng nangyari? Si Moises, ang dakilang propeta ng Diyos, ihinahatid sa kanila ang ganap na Katotohanan, ang pinatunayang katotohanan. Nakatagpo niya ang Diyos. Pinatunayan ng Diyos na nakatagpo niya Siya. At kung paanong ang mga taong iyon noon, ang mga saserdoteng iyon, at mayroon silang mga relihiyon, ang kanilang mga rituwal, ang kanilang mga karapatan at lahat na, subalit si Moises ay tumindig bilang patunay ng pagpapaliwanag ng Salita. Huwag kalilimutan iyan! Si Moises ang kapaliwanagan ng Diyos ng Kaniyang pangako. Sinabi Niyang gagawin Niya ito; siya ang kapaliwanagan ng Diyos.

<sup>55</sup> Ano’ng nangyari? Ang iglesia ay nagpasimulang lumabas ng Egipto, ilang araw pa lamang itong naglalakad, at ano’ng nangyari? Dumating si Satanas na taglay ang kanyang pagkalihis sa katauhan, ang ikalawang Cain, na si Balaam, at siya’y naghasik ng pagkalihis sa kalagitnaan nila. Alam nating iya’y tama. Yaong si Balaam, ang aral ni Balaam, na “lahat tayo’y magkakatulad, ang Diyos na pinaglilingkuran namin ay siya ring Diyos na pinaglilingkuran n’yo,” kung pagiging pundamental ang pag-uusapan, tama siya, dahil nag-alay siya ng isang haing ihinain ng Diyos; pitong lalaking tupa, pitong guyang baka sa pitong altar, at nanalangin sa iisang Diyos sadyang katulad na katulad ng ginawa ni Moises sa ilang, sadyang katulad na katulad. Datapuwat hindi sila magkatulad! Ipinanaaninag sa atin kung ano ang magaganap. Naroroon, muli, si Cain na naipamalas sa—sa katauhan ni Balaam. At naroroon ang Diyos na naipamalas sa katauhan ni Moises, ipinaliliwanag ang Kaniyang mga Salita sa pamamagitan ng isang tao, ipinakikilala ang Kaniyang Sarili, ang Kaniyang pangako, sa pamamagitan ng isang tao. At ang pagkalihis ay lumitaw.

<sup>56</sup> Kaya ito’y nagawa sa panahon ni Judas, dumating siyang taglay ang kaniyang pagkalihis.

<sup>57</sup> At, alalahanin, ang kasalanang ito na pinaniwalaan ng mga taong iyon, na “magkakatulad tayong lahat, iisang Diyos ang sinasamba natin, dapat ay iisang iglesia ang kinabibilangan natin, dapat ay tayo pa rin ang dating mga tao,” ang kasalanang iyon ay hindi kailan man ipinatawad sa Israel! Sinabi ni Jesus Mismo, “Lahat sila’y nangamatay!”

<sup>58</sup> Sila’y nangapahamak, lahat maliban sa tatlo sa kanila, at sila’y yaong mga nanghawakan at nanampalataya sa pangako. Nang sabihin ng mga mahihina ang loob, “Hindi natin masasakop ang lupain, at ito’y kalabisan para sa atin,” at iba pa; pinayapa nina Caleb at Joshua ang mga tao, at nagsabi, “Higit ang kakayanan nating sakupin Ito, dahil ipinangako ito ng Diyos sa atin! Hindi mahalaga sa akin kung ano man ang opisasyon!”

<sup>59</sup> At makapangangaral pa rin tayo ng Makadiyos na pagpapagaling, at ng bautismo ng Espiritu Santo, at taglayin pa rin ang kapangyarihan ng Diyos na makapagpahiwalay sa atin mula sa mga bagay ng sanlibutan. Sinabi talaga ng Diyos! Ang panahong apostolico ay hindi kailan man lumipas at hindi ito lilipas, ito’y nagpapatuloy.

<sup>60</sup> Kaya’t, makikita natin ang siya ring matandang tagapaghasik ng pagkalihis. At tandaan, na ang kasalanang iyon ay hindi kailan man napatawad. Ngayon, kapatid, kung hindi ito napatawad noon, paano kaya ngayon kung kailan ang—ang tunay na binhi ng lahat ng mga panahon ay nagkakasama-sama na?

<sup>61</sup> Pansinin ang malaking bagay na ito na ginawa ni Balaam, ito’y nagpatuloy nang nagpatuloy, at sa wakas ay humantong sa pagdating ni—ni Judas Iscariote, at ni Jesus. Ano ito? Si Judas at si Jesus ay kapigurang-kapigura nina Cain at Abel. Dahil, gaya ng si Judas ay relihiyoso, si Cain din naman ay relihiyoso. Nagtayo ng altar si Cain, gumawa siya ng hain, sumamba siya sa Diyos, naging napakataimtim niya tulad din naman nung isa. Ngunit, alam mo, wala siyang kapahayagan kung ano ang Salita. Inakala niyang kumain si Adan at Eva ng mansanas o ng kung anong prutas. At si Cain. . . si Abel, sa pamamagitan ng kapahayagan, ay nabatid niyang mali iyon; ang dugo ang siyang nagpalabas sa kanila, at nag-alay siya ng isang cordero. At pinatotohanan ng Diyos na tama ang kaniyang alay. Nang magkagayon ay nagselos siya at tinangkang patayin ang kaniyang kapatid. At habang pinatay niya ang kaniyang kapatid sa ibabaw ng siya ring altar kung saan ay namatay ang kaniyang hain, ang cordero ay namatay sa ibabaw ng altar, gayon din namang ipinagkanulo ni Judas Iscariote si Jesus Cristo sa ibabaw ng altar ng Diyos, at pinaslang Siya tulad ng pagkapaalang ni Cain kay Abel. Sapagkat, si Cain ay ang binhi ng pagkalihis.

<sup>62</sup> At gayon din si Balaam, ang upahang propeta, isang lalaking dapat sana'y nakaaalam ng mas mabuti. At binalaan siya ng Diyos sa pamamagitan ng mga tanda't kababalaghan, at maging ang mola ay nagsalita sa di kilalang wika, at tumuloy pa rin siya ng dati. Siya'y isinilang upang maging isang— isang tagapaghasik ng pagkalahis.

<sup>63</sup> At kung inihula ni Jesus na ang panahong ito ay magwawakas sa pinakamalaking pagkalahis na naganap, ang panahon ng iglesiang Laodicea, maligamgam, na nagpalabas sa Kaniya sa iglesia, paano ba itong magiging iba pa kaysa sa pagkalahis na iyon! Tiyak iyon nga. Ito'y nagwawakas sa panahong iyon.

At ito'y sina Cain at Abel na muli sa Kalbaryo.

<sup>64</sup> Ngayon pansinin, tulad ng lagi, pagkaalis na pagkaalis ni Jesus, pumanhik Siya sa langit, ang Espiritu Santo ay naisugong pabalik. Iyon ay ang Binhi, ang tagapag-bigay-buhay sa Salita, gaya ng naipangusap natin kagabi. Iyon ay ang siyang nagbibigay-buhay sa Salita. Ang *pagbibigay-buhay* ay nangangahulugang “binubuhay.” Ang tanging binubuhay ng tunay na Espiritu Santo ay ang Salita na Ito nga. Hindi nito bibigyan ang isang credo ng Buhay, hindi Nito magagawa, dahil wala itong kinalaman sa credo. Ito ay ang Buhay ng Salita ng Diyos, sapagkat Ito ay Diyos. Kita n'yo? At binibigyang buhay nito ang Katawang iyon.

<sup>65</sup> Ngayon pansinin, tulad ng ginawa nila. Pagkatapos, gaya ng sinabi ng Biblia, at—at si Juan ay nagwika sa kaniyang mga anak, at nagsabi, “Mumunting mga anak, inyo nang narinig ang tungkol sa darating na anticristo na darating sa sanlibutan,” ang sabi, “na ito ay nasa sanlibutan na, at ito'y kumikilos sa mga anak ng pagsuway.” Ngayon, iyon ay mga tatlumpung taon pagkatapos ng pagdating ng Espiritu Santo. Makikita natin, kapag dumating ang Espiritu Santo, ang tunay na Binhi, ang tunay na Tagapagbigay-Buhay sa Binhi, kung magkagayo'y pumapasok na muli ang pagkalahis na iyon. At pansinin, nagpatuloy ito. Ito'y nag. . .

<sup>66</sup> Ang tunay na Salita ay napatunayan na silang, ang mga sinaunang propeta ay pinatunayan ang Salita ng Diyos bilang ang Katotohanan habang sila'y nangagsipagpatuloy. Kung sinuman ang nakabasa na ng Konseho ng Nicaea, o bago pa sa Konseho ng Nicaea, yaong labinlimang araw ng madugong pulitika, nang yaong lipon ng Romano roon ay nagasang magpasok ng at gawing denominasyon ang iglesia. Ang mga Propeta'y nagsipasok, nababalabalan ng balat ng tupa, kumakain ng mga damo, at nanindigan para sa Salitang iyon! Ngunit ano ang ginawa nito? Kinailangan nitong maging tulad ni Cain, kinailangan nitong maging tulad ni Abel, ang isa'y kinailangang mamatay. Tiyak, ito nga'y

nangyari. At ang Salita'y nawalan ng impluwensiya Nito sa mga tao, at ibinoto nilang lahat palabas ang tunay na Salita at pinapasok ang mga dogma ng pagkalahis ng sinaunang iglesiang Catolico. Nagdagdag sila ng papa, nagdagdag sila ng obispo, nagdagdag sila ng *ganito*, *ganoon*, ng *iba pa*. Inalis nila ang talagang tunay na kahulugan ni Pedro, at ni—ni—ni Maria, at—at lahat ng iba pa nito; at nagsigawa ng mga diyos—diyosan, at gumawa ng ano pa kundi isang paganong seremonya mula sa naturingang relihiyong Cristiano. Ano ba ito? Binhi ng pagkalahis! At nagtatag, nagtatag sa unang pagkakataon sa lupa, ng isang iglesia. Ano ito? Ang binhing iyon ng pagkalahis na nagpasimulang maghasik, nagdaragdag ng kung ano, nagbabawas.

<sup>67</sup> Sino ba ang nakarinig, sa Biblia, ng hindi pagkain ng karne 'pag Biyernes? Sino ba ang nakarinig, sa Biblia, ng anumang pagwiwisik sa halip ng pagbabautismo, paglulubog? Sino ba ang nakarinig ng mga bagay na iyon, ng isang "Aba, Ginoong Maria" o kung ano? Sino rin ba ang nakarinig ng ilan sa mga bulok na walang kapararakang mga Protestanteng ito? Hindi maaaring tawagin ng palayok na mauling ang takure. Tama! Basta't, ang maysala ng pinakamaliit ay maysala ng kabuuan! Sino ba ang nakarinig na ang Diyos ay nakikitungo sa isang organisasyon? Ipakita n'yo sa akin minsan man lang na may isang nagtatag ng organisasyon na nanatiling buhay. Kaagad silang nangamatay, at hindi na nakabangon pang muli! Panahon na upang may maganap, panahon na upang kumilos ang Diyos. Pinatay nito ang impluwensiya sa mga tao.

<sup>68</sup> Ganito rin ang ginawa ngayon. Pinapatay nila ang impluwensiya, sabi, "O, ang lipon ng mga "holy roller" na iyan, wala 'yan." At, bakit, ito'y pagkalahis! Harapin nang mukha sa mukha ang Salita at tingnan n'yo kung ano Ito, tingnan n'yo kung ipinaliliwanag ba ng Diyos ang Kaniyang Sariling Salita. Magagawa ng Diyos na magpalitaw ng mga anak kay Abraham sa pamamagitan ng mga batong ito. Amen.

<sup>69</sup> Ang Salita ay lubusang pinatunayan nilang mga sinaunang Cristiano, kung paanong iniligtas sila ng Diyos sa lahat ng bagay, at sa mga karamdaman, at nagkaroon sila ng mga propeta, at sila'y nagsipagsalita sa iba't-ibang wika, nangagpaliwanag, at nagbigay ng mga mensaheng napatunayang siyang ganap na katotohanan sa bawat pagkakataon. Datapuwat sa harap ng lahat ng mga pinatunayang Salitang iyon, inihalal Itong papalabas ng mga tao at naghahalal ng isang denominasyon. Iyan ang ina ng lahat ng mga organisasyon.

<sup>70</sup> Kapuwa sila gumulang na nang husto ngayon. Nagsimula silang muling magbinhi. Namatay ito, datapuwat muli itong namukadkad sa panahon ni Luther, tulad ng nalaman natin mula sa naunang mensahe rito kaninang umaga sa almusal.



Namukadkad ito sa araw ni Luther. Ngayon ano ang ginawa nila? Pagkamatay na pagkamatay ng dakilang lalaking iyon, ay nagtatag sila ng organisasyon.

<sup>71</sup> Ito'y namukadkad. At muli sa mga araw ni John Wesley, nang ang mga Anglicanong iyon, taglay ang lahat ng kanilang mga walang hanggang katiyakan at lahat na ay gumapos dito hanggang sa humantong sila sa halos ay unibersalismo na, at ano'ng nangyari? Nagpalitaw ang Diyos ng isang lalaking nangganggalang John Wesley, at kinitil niya ang kabuuan nito. At pagkamatay na pagkamatay niya, siya at si Asbury at ang iba pa, ano'ng nangyari? Nagtatag sila ng organisasyon, at ngayon kayo ay nagkaroon ng lahat ng klase ng mga Metodista. Pagkatapos ay isa-isang nagsidating ang iba pa, sina Alexander Campbell, John Smith, at kung ano pa.

<sup>72</sup> Sa wakas, biglang kumawala ang mga Pentecostal, lumabas mula sa lahat ng ito. Ano'ng nangyari pagkatapos? Naging maganda ang takbo nila, ano ang pumigil sa inyo? Nagsibalik kayo sa mismong putikang inahunan n'yo, bumalik sa dating karumihan, bumalik sa pagkalihis at upang makapagtatag ng mga organisasyon, kinailangan ninyong makiayon sa Salita. At sa tuwing magsusugo ang Diyos ng isang bagong bagay, hindi ninyo ito matanggap. Tama 'yan! Pagkalihis na naman! At, pansinin, gaya ng sinabi ko nung isang araw, yaong unang munting talupak na umusbong mula sa ugat na ito, ay pumapanhik sa mga dahon at pataas sa buhok ng trigo, at pagkatapos ay pabalik muli sa tangkay, at papalabas na. Ang munting talupak ng trigong iyon ay halos kahawig na kahawig mismo ng trigo, at ang akala natin ay iyon na nga, subalit kapag ito'y binuksan mo, wala ng butil doon kahit katiting. Ito'y taga-alalay lamang upang tumubo ang butil, at ito'y namamatay din, at ang buhay ay kagyat na lumalabas mula rito at nagtutungo sa loob ng butil. Pansinin, kaya tinatawag nila ang mga iglesiang naghasik . . .

<sup>73</sup> Makikita natin ngayon na ang ating mga tinaguriang iglesia, maging sa ating mga Pentecostal, tayo'y lumabas, hindi tayo masiyahan, kinailangan nating gumawa ng sarili nating mga grupo. Lahat ay nagsisilitaw, kinakailangan nating taglayin *ito*, kinailangan nating taglayin *ito*, kinakailangan nating magkaroon ng isa pang grupo. At itong lalaki ay lumitaw, ang sabi, "Siya'y darating na sakay ng isang puting ulap." Ang sabi naman ng isa, "Aha, Siya'y darating na sakay ng isang puting kabayo," "Kung gano'n, bubuo tayo ng dalawang grupo." Nakikita n'yo, ano ito? Paghahasik ng Pagkalihis! Kapag dumating Siya, maging ano man iyon, Ipaliliwanag Niya ang Kaniyang Sariling Salita kapag Siya'y dumating. Tayo'y maghintay hanggang sa sandaling iyon. Unawain ang . . . Ang pinag-uusapan tungkol diyari, ni hindi ninyo nakukuha ang Mensahe ng panahon. Laging itinuturo sa kung ano ang gagawin

ng Diyos, o kung ano ang nagawa Niya, at winawalang-bahala kung ano ang ginagawa Niya. Iyan ang dahilan kung paano nagkakaroon tayo ng mga pagkalahis dito.

<sup>74</sup> Ngayon mapapansin nating sa panahong ito ang ating mga iglesia, lahat—lahat ng ating mga iglesia ay naghasik sa mga hangin, at ngayo’y inaani ang ipuipo. Wala na tayong mga pulong-panalangin, wala na tayong mga gawain na dati-rati’y mayroon tayo. Ano’ng nangyayari? Ibinaba na natin ang mga pamantayan natin sa lahat ng bagay. Tingnan n’yo, maging ang ating mga iglesiang Pentecostal, punung-puno sa mga dumadalong mga babaeng maiikli ang buhok. Dati-rati’y hindi pinapayagan ’yan. Pinturadong mga mukha, naka-kyutiks ang mga kuko, lahat ng uri ng mga bagay; magsasama ng isang lalaki rito na . . . parang “Rickies” at kung ano pa; tatlo o apat na beses nang nag-asawa, at mga diyakono; o, anong pagkalahis! Ito’y karumihan! Paano nilang nagagawa ito? Hindi ito papayagan ng Diyos sa Kaniyang Iglesia, kailangan nilang magtungo sa isang organisasyon para magawa nila ito. Takot ang iba na magsalita ng kung ano tungkol dito, dahil masisipa silang palabas mula sa organisasyon. Diyos, bigyan Mo kami ng lalaking hindi konektado sa anumang bagay maliban sa Diyos at sa Kaniyang Salita, na magsasabi ng Katotohanan tungkol dito. Iyan talaga ang kailangan natin. Ano’ng nagawa natin? Naghasik ng pagkalahis. Naghasik tayo sa mga hangin, at ngayon ay inaani na natin ang ipuipo.

<sup>75</sup> Pansinin na tinitipon na sila ngayon para sa pagsunog. Napansin n’yo ba, ang sabi ni Jesus, “Una, tipunin muna ninyo sila, pagbigkisin sila, at saka pagsamasamahin ang lahat ng mga bigkis sa isang salansan, at susunugin Ko ang mga ito.” May isang munting bigkis na tinatawag na Metodista, Baptist, Presbyterian, Lutheran, lahat sila’y natitipon na sa Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia. Ano ito? “Tipunin muna sila!” Aleluia! Napansin n’yo ba, tinitipon muna Niya ang mga panirang damo, inilalayo sila sa trigo, ibinubukod sila, “Tipunin ang mga ito at sunugin ang mga ito.” Lahat sila’y susunugin sa pamamagitan ng mga kahalatan ng Diyos, dahil sa paghasasik ng pagkalahis sa mga tao, mga bagay na kanilang . . . May anyo ng kabanalan, at itinatangi ang Kapangyarihan nito, itinatangi ang Salita, para lang makapagdaos ng ilang maka-relihiyong rituwal ng kung anong dogma na itinurok ng kung sino, sinisikap na isingit sa Salita ng Diyos. Hindi ito gagana. Ito’y isang pagkalahis.

<sup>76</sup> Sumisigaw ako ngayon, tulad nung araw, nang ang dakilang propetang sinauna, si Amos, nang bumaba siya sa lungsod na iyon, na nagsabi, “Hindi ako propeta, ni anak man ng isang propeta. Ngunit kapag ang leon ay umungol, sino ang hindi matatakot!” Ang sabi niya, “Kapag ang Diyos ay nangusap, ano’ng magagawa ninuman maliban sa manghula.” Inihula niya

ang kahatulan sa lahang iyon, ang sabi, “Ang Diyos na inaangkin n’yong pinaglilingkuran ang Siyang wawasak sa inyo.”

<sup>77</sup> Ilagay n’yo ito, nasa teyp ito, at tandaan n’yo. Ang mismong Diyos na . . . Ang mga taong ito ngayon, na nagtitipon ng lahat ng dakilang aning ito ng—ng Pandaigdig na Konseho ng mga Iglesia, at kakailanganin ninyong pumasok dito. Hindi kayo maaaring manatiling nasa labas nito. Kayo ay isa-isang lalabas dito, kung hindi ay papasok kayo rito. Walang tutungo sa kalagitnaan. Iyon na ang magiging tatak ng halimaw. Walang taong makabibili o makakabenta, maliban sa kanya na may tatak, o nagtataglay ng pagkalahis. Ngayon, manatili kayo sa labas nito! Lumabas kayo rito! Takasan n’yo ito! Lumayo kayo rito! Ang Diyos na sinasabi nilang pinaglilingkuran nila ang wawasak sa kanila. Ang dakilang Diyos ng pag-ibig na hindi . . .

Ang sabi, “Aba, pinanalangin ni Jesus na dapat tayong lahat ay maging isa.”

<sup>78</sup> Pagkatapos ay sinabi rin Niya, “Paano kayong lalakad nang magkasama, lalakad ang dalawa nang magkasama, malibang sila’y magkasundo?” Ang sabi Niya’y “isa,” tulad ng Siya at ang Ama ay Iisa. At ang Ama ay ang Salita, at Siya ang Salitang naipamalas. Siya ay ka-“Isa” ng Ama, dahil Siya ang pagpapamalas ng ipinangakong Salita ng Diyos. At ganito rin ngayon, o alin pa mang panahon. Opo, ginoo. Ang Diyos ay Isa. Nais Niyang tao’y maging isa.

<sup>79</sup> Paanong magkakaisa *ito*, ang isang *ito’y* itinatanggi ang birheng kapanganakan, at *ito* namang isa’y hindi, itinatanggi ang Makadiyos na pagpapagaling, at *ito, iyon*, lahat sila ay nasa gayong kaguluhan? Ang ilan sa kanila’y ni hindi nga naniniwala sa Diyos, naniniwalang Siya ang Anak ng Diyos; naniniwalang Siya ay anak ni Jose, *tinawag* na Anak ng Diyos. Tamang-tama. Ang kakambal ng mga Lutheran, Zwinglies, naniniwala riyang, na Siya’y hindi mapasusubaliang isang mabuting tao lamang. Ang sabi ng Cristiyanong Agham ay isa Siyang propeta, isang karaniwang tao lamang, hindi raw Siya Diyos. Aba, kung hindi Siya Diyos, Siya ang pinakadakilang mandarayang lumitaw sa mundo. Siya ay Diyos o Siya ay hindi kahit anuman. Siya ay Diyos! Siya ang Kadiyosan, Siya Mismo, na nagkatawang tao sa ating kalagitnaan, sa katauhan ng Anak ng Diyos. Tiyak ito, gayon nga Siya.

<sup>80</sup> Ngayon ay nakikita nating pumasok na ang pagkalahis. Alam nating ito’y naririto na, walang makatatanggi rito. Ay, naku! Pansinin n’yo lang. Wawasakin Niya ang grupong iyon na nag-aangking naglilingkod sa Diyos. Pagmasdan n’yo ito.

<sup>81</sup> Itinanim ng Diyos ang Kaniyang Binhi. Ako’y magtatapos na, dahil oras na upang pasimulan ang hanay ng panalangin. Itinanim ng Diyos ang Kaniyang Binhi, at ang Kaniyang Binhi ay si Cristo. Mangangaral ako tungkol diyan sa susunod na mga

gabi, kung saan minabuti ng Diyos na ilagay ang Kaniyang Pangalan, kung loloobin ng Panginoon, marahil sa isa sa mga agahan kung kailan mas mahaba nang kaunti ang panahon ko. Tingnan, Siya lang ang tanging Daan ng pagtakas. Siya lang ang tanging tunay na Kamahalan. Siya lang ang tunay na Diyos, wala nang iba maliban sa Kaniya. “Ako ay Diyos, at nag-iisang Diyos,” ang sabi Niya. Sinabi ni Jesus, “Ito ang kautusan: Dinggin mo, O Israel, Ako ang Panginoon mong Diyos, iisang Diyos lang. Ako Siya. Bakit naghahanap ka pa ng iba? May isa pang darating. . . Ako’y pumaparito sa Pangalan ng Aking Ama, at hindi ninyo Ako tinatanggap. Ngunit may isang darating sa kaniyang sariling pangalan, at siya’y inyong tatanggapin.” At gano’n nga ang ginawa nila sa Nicaea.

“Cristiano ka ba?”

“Baptist ako.”

“Cristiano ka ba?”

“Pentecostal ako.”

“Cristiano ka ba?”

“Methodista ako,” ibang pangalan.

<sup>82</sup> Datapuwat pagdating sa Pangalan ni “Jesus Cristo,” lumalakad silang papalayo mula rito hanggang sa abot ng kanilang makakaya, ayaw nila Itong pakialaman, dahil Siya ang Salita at ipinakilala ng Salita ang Kaniyang Sarili. Pansinin, ang tanging Daan tungo sa kaligtasan! Siya ang Rosas ng Sharon, sinabi ng Biblia na Siya nga. Bawat titulo (sa Biblia) ng Diyos ay pag-aari ni Jesus Cristo. Siya ang Alpha, Omega, ang Simula at ang Wakas; Siyang Noon, Siyang Ngayon, at Siyang Darating; ang Ugat at Anak ni David, kapuwa Ugat at Anak ni David; ang Tala sa Umaga, ang Rosas ng Sharon, ang Lirio ng Lambak, ang Alpha, Omega, Ama, Anak, Espiritu Santo, lahat ay na kay Jesus Cristo! Siya ang kapuspusan ng pagpapamalas ni Jehovang Diyos na nahayag sa laman upang manahang kasama natin. Iyan talaga kung ano Siya.

<sup>83</sup> Siya ang Rosas ng Sharon. Ano’ng ginawa nila sa Rosas ng Sharon? Piniga nila Ito, niligis Ito, upang makuha ang pabango mula Rito. Ang isang magandang rosas ay kailangang pigain upang makuha ang pabango mula sa rosas. At napakagandang Buhay niyaon, kailan ma’y wala pang isang buhay tulad Nito, datapuwat kinailangang pigain Ito doon sa Kalbaryo.

<sup>84</sup> Kita n’yo, kinuha nila ang—ang pagpapahid ng Rosas ng Sharon at inilagay ito kay Aaron, kinailangan niyang mapahiran nito para makaharap sa Panginoon sa dakong banal, sa loob ng banal na tabing. Kinailangan niyang mapahiran ng Rosas ng Sharon, para makapasok upang wisikan ang luklukan ng awa taun-taon. At ang pampahid na iyon ay kailangang nasa kaniya, isang mabangong samyo sa Panginoon, dala ang dugo ng cordero

sa kaniyang harapan, matapos din naman siyang mawisikan ng cordero. May nakasabit na mga bunga ng granada at mga kampanilya sa palibot ng kaniyang mga kasuotan, kinailangan niyang lumakad sa isang tiyak na paraan, na nagpapatunog ng, “banal, banal, banal sa Panginoon.”

<sup>85</sup> Pansinin, Siya yaong Rosas ng Sharon, yaong mabangong Samyo, ang Pagkapahid na nasa Kaniyang bayan. Hindi ka maaaring humarap sa Kaniya na may dalang kung anong credo, kung ano mang iba pang bagay, kundi napahiran niyaong Rosas ng Sharon, ang Salita. Siya rin ay ang Lirio sa Lambak.

<sup>86</sup> Ngayon, paano ka ba nakakukuha ng opio? Makakukuha ka ng opio kung kukuha ka ng lirio at pipigain ito, makukuha mo ang opio. Ginagamit ito ng mga duktor sa kanilang mga laboratoryo. Kumuha ka ng isang lalaking nerbiyoso at nawawalan ng pag-asa, o kaya’y isang babae, na ang pakiramdam ay mababaliw siya, siya’y palakad-lakad sa sahig at tumitili, siya’y nag-iisterika, isang duktor ang kukuha ng kaunti mula sa kanyang liriong opio at ituturok ito sa kaniyang bisig o sa kaniyang ugat sa kung saang dako, o sa kaniyang, at sila’y magsisitahimik. Nalunasan ito nang panandalian. Ngunit sa sandaling ang opiong iyon ay mawalan ng bisa, heto na naman sila, mas malala pa kaysa dati.

<sup>87</sup> Datapuwat sasabihin ko sa inyo, mga kaibigan, iyan ay isang tipo lamang ng tunay na Opiong galing sa Lirio ng Lambak na alam ko. Siya ang Lirio ng Lambak. Siya’y piniga sa Kalbaryo. Siya’y nasugatan dahil sa ating mga pagsalansang, sa Kaniyang mga latay tayo’y pinagaling na. Doon, sa pagpigang iyon ng mga bulaklak. Siya ay isang Bulaklak, Siya ang pinakadakilang Bulaklak na tumubo, ang Liriong ito ng Lambak, at itong dakilang Rosas ng Sharon. Ngayon nakabayubay Siya sa gabing ito, nakabitin sa pagitan ng Langit at lupa, ako’y naniniwala, siya ay noong panahong iyon, o sa lalong maliwanag, upang—upang alisin ang kasalanan ng sanlibutan at upang muling maghatid ng kagalingan sa sanlibutan. At sinabi ng Biblia na Siya’y tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man.

<sup>88</sup> Kaibigan, nang sabihin ng Diyos kay Moises, sa ilang, na isang—isang pagtitipo sa Kaniya, na itaas ang isang tansong ahas. At ang tanso ay kumakatawan sa kasalananang nahatulan na, ang ahas ay kumakatawan sa, ang *tansong ahas* ay kumakatawan sa “kasalananang nahatulan na.” Dahil sa, ang *tanso* ay “Makadiyos na paghuhukom,” tulad ng yari sa tansong altar kung saan inilapag ang mga hain. At si Elias rin ay tumingala at siya’y nagsabi na tila tanso raw ang mga kalangitan, Makadiyos na kahatulan sa isang bayang ’di sumasampalataya na lumayo mula sa Diyos at nanumbalik sa dating kasamaan. Ang tanso ay kumakatawan sa kahatulan, Makadiyos na kahatulan. At ang ahas ay kumakatawan sa kasalananang nahatulan na; at si Jesus ay ang ahas na iyon na

ginawang kasalanan para sa atin, at inako ang mga kahatulan ng Diyos sa Kaniyang Sarili. Siya'y sinugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating kasamaan, ang parusa tungkol sa ating kapayapaan sa Kaniya, at sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.

<sup>89</sup> O, punung-puno ang kabinet ng Diyos ng Opio, ngayong gabi, para sa iyo. Kaibigang Cristiano, ikaw ay may sakit at nagdurusa. O, ika'y napapagal, sadyang napakahirap nito para sa'yo. Hindi mo na ito kaya pang tiisin, ika'y—ika'y mababaliw sa makabagong araw na ito na pinamumuhayan natin.

<sup>90</sup> Narinig n'yo ba ngayong gabi sa *Life Line*, na ang sabi nila na—na sinasabi ng Russia, na sa '55, na kanilang “walang pasubaling mapamamahalaan nang lubos ang buong mundo”? Bago pa iyan mangyari, ay magaganap muna ang Pag-agaw. Kaya gaano na ito kalapit, kaibigan? Ito'y tumpak. Ito'y naririto't nalalapit na.

<sup>91</sup> Bakit hindi mo Siya hanapin ngayong gabi nang buong puso mo? Siya ang Lirio ng Lambak, at Siya'y tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Naririto Siya ngayong gabi upang itaas ang Kaniyang Sarili sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan, gaya ng pagtaas ni Moises sa—sa simbulo ng kasalanan, na nahatulan na. At hindi lamang kasalanan, kundi pati karamdaman. Alalahanin, sinabi ni Jesus, “Kung paanong itinaas ni Moises ang tansong ahas, ay kailangan ding maitaas ang Anak ng tao.” Para ano't itinaas ito ni Moises? Para sa kasalanan, di pananampalataya, at para sa karamdaman. Si Jesus ay itinaas, din, para sa kasalanan, karamdaman, at di pananampalataya. Ganoon din Siya.

<sup>92</sup> Ngayon, sa gabing ito, sa mga araw nang nasa atin ang malaking pagkalahis na ito, ipinangako ni Jesus Cristo sa Lucas, na sa mga araw ng . . . bago ang pagdating ng Panginoon, ay matutulad ito sa mga kaarawan ng Sodoma, at kung kailan ipahahayag ng Anak ng tao ang Kaniyang Sarili, gaya ng paghahayag ng Anak ng tao ng Kaniyang Sarili kay Abraham noon; si Elohim, ang Diyos, nagkatawang tao sa kalagitnaan ng mga tao, at nanahan doong kasama ni Abraham at ipinakita sa kaniya, sinabi sa kaniya kung ano ang iniisip ni Sarah (na nakaupo sa likuran Niya) sa loob ng tolda, na kailan man ay hindi pa Niya nakikita. Sinabi sa kaniya kung ano ang kaniyang . . . At tinawag ang kaniyang pangalang, “Sarah.” “Abraham,” hindi ang kaniyang—hindi ang kaniyang pangalang Abram, na dati niyang pangalan, kundi Abraham. Hindi Sarai, S-a-r-a-i; kundi S-a-r-a-h, “Nasaan ang iyong asawa, si Sarah?”

Ang sabi, “Siya'y nasa loob ng kubol sa Iyong likuran.”

<sup>93</sup> Ang sabi, “Dadalawin kita ayon sa panahon ng buhay.” At siya'y natawa. Ang sabi Niya, “Bakit siya tumawa?”

94 Ngayon, sinabi ni Jesus, “Bago matipon at masunog ang malaking pagkalahis na ito, ay ipahahayag ng Anak ng tao ang Kaniyang Sarili sa paraang ginawa Niya noon.” At iya’y . . . Ano ito? Ito’y isang pagtataas, na muli, sa harapan n’yo, na si Jesus Cristo ay katulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Sinasampalatayanan n’yo ba ito? Yumuko tayo kung gayon para sa panalangin.

95 Minamahal na Diyos, mahal Ka namin. Ang Iyong Salita ay totoong—totoong pagkain sa amin, Panginoon. Sadyang mahal namin Ito! Ito ang ipinamumuhay namin, Panginoon. Ang aming mga kakayahan ay mistulang hindi kailan man naging sapat. Sadyang ibig naming dumulog sa Iyong hapag, sa palibot ng Iyong Salita, at masiyahan sa mga pagpapala, Panginoon, kapag kami’y nagkakasama-samang tulad nito, mga kapatid na lalaki’t babae na binili ng Dugo ng Anak ng Diyos, na siyang mga nabili ng Iyong Dugo. At kami’y naparito ngayong gabi, Panginoon, inilaan namin ang mga gabing ito para sa pananalangin sa maysakit. At ayon sa mga Kasulatan, sinabi Mong “sa pamamagitan ng Iyong mga latay kami’y nagsigaling.” Hindi na kung gayon kailangan pang manalangin (ikukumpisal na lamang namin ang aming mga kasalanan), dahil sa pamamagitan ng Iyong mga latay kami’y nagsigaling (pang nagdaan). O, anong araw ng kaligtasan! Anong— anong pangako ni Emmanuel! Na Ito’y tiyak na Katotohanan.

96 Sinabi Mo, “Kaunti pang panahon, at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, nguni’t inyo Akong makikita, sapagka’t Ako’y” (ang panghalip panao ng “Ako”) “Ako’y makakasama ninyo, maging nasa inyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan.” At sa katapusan ng panahon, ang dakilang kaganapang ito, sinabi Mo, bago ito maganap, ito’y magiging tulad nang bago umulan ng apoy sa Sodoma at sunugin ang daigdig ng mga Hentil, na may darating muling isang kapahayagan ng Anak ng tao gaya ng naganap sa Sodoma. Ama, nawa’y huwag itong lumampas sa mga tao.

97 At dumadalangin ako, Panginoon, bilang isang magaspang na maliit na nilalang, (kung may nasabi akong mali, patawarin Mo ako), sa aking pagsisikap na sumulong. Mahal ko sila, Panginoon. Ako’y—ako’y nananalangin na hindi nila ito malampasan. Itulot Mong ito’y maging isa sa mga dakilang gabi, Panginoon. Nawa’y bawat maysakit, may karamdaman, bulag, ano man ang naririto ngayon, Panginoon, ay gumaling ngayong gabi. Nawa’y maligtas ang bawat makasalanan. Agad sa kanilang mga puso ngayon, kung sila’y isang hindi mananampalataya, at nawa’y tanggapin nila si Cristo sa sandaling ito. Itulot Mo ito, Ama. Lahat ng ito’y nasa Iyong mga kamay. Ipinagtitiwala namin ang aming mga sarili sa Iyo, upang makita Ka naming napaparito sa aming kalagitnaan.

<sup>98</sup> At sinabi Mo, sa San Juan 14:12, “siya na sumampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin niya rin.” Alam na alam namin na ipinakilala Mo ang Iyong Sarili sa mga tao, sapagkat Ikaw ang propetang iyon na sinabi ni Moises na lilitaw. Hindi sila nagkaroon ng mga propeta sa loob ng daan-daang taon, ang pagkalihis ay kabi-kabila, subalit ang Salita ng Diyos ay kailangang matupad; kaya’t ang Salita ay naging laman, at gayon din naman ang pagkalihis. At, Ama, nakikita na naman namin ito ngayon, ang pagkalihis na nagiging isang dakilang malaking bigkis; at nakikita namin ang Salita na pumaparito sa gayon ding paraan. Pagpalain Mo kami ngayong gabi, Ama. Ipinagtitiwala namin ang aming mga sarili sa Iyo, sa Iyong Salita. Anuman ang kailangang gawin Mo sa amin, gawin Mo sa amin, Panginoon. Sa Ngalan ni Jesus. Amen.

<sup>99</sup> [Isang kapatirang babae ang nagsalita sa ibang wika. Blangkong bahagi sa teyp—Ed.] Maging totoong magalang. Hindi natin alam kung ano ang sinalita Niya. Marahil ay may nais Siyang sabihin sa atin, kaya’t sumandaling maging totoong magalang. [Blangkong bahagi sa teyp. Isang kapatirang lalaki ang nagbigay ng kapaliwanagan—Ed.]

<sup>100</sup> Amen. Nabasa n’yo ba [Blangkong bahagi sa teyp—Ed.] Kasulatan kung saan pumaparing ang kaaway, at lahat sila’y nangagkatipong magkakasama, at sila’y . . . napakalakas ng puwersa ng kaaway. At ang Espiritu ng Diyos ay napasa isang lalaki, at sinabi sa kaniya, at nanghula siya, at sinabi kung saan siya dapat magpunta at mag-abang, at dinurog nila ang kanilang kaaway. Hayu’t parating na naman ito. Iyan ang dako kung saan dapat wasakin ang kaaway mo, kita n’yo, kunin mo ang kamay ng Diyos. Ang kamay ng Diyos ay si Cristo, siyempre ang Salita, kaya’t baunin n’yo iyan sa inyong mga puso ngayong gabi habang tinatawagan natin ang hanay ng panalangin.

<sup>101</sup> Sa paniwala ko’y namigay uli si Billy ng mga prayer card sa araw na ito. B, mga B, kunin natin ang B, walumpu’t lima. Kagabi, labinlima ang tinawag natin kagabi. Karaniwang sinisikap nating makakuha ng labinlima sa isang gabi. At hawakan ninyo ang inyong mga card, kukunin na namin ang mga iyan, ngayon. Subukan natin ang mga labinlima. Walumpu’t lima. B, tulad ng Branham, alam n’yo na. B, walumpu’t lima hanggang sa isandaan. At tayo’y . . . Tingnan natin, sino ang may B, walumpu’t lima, itaas ang inyong kamay. Tiyak mo bang . . . O, sa likod, tama, pumanhik ang walumpu’t lima rito.

<sup>102</sup> Ngayon, ang anak ko . . . May mga baguhan marahil dito, na hindi nakakaalam kung paano ito isinasagawa. Ang anak kong lalaki ang pumaparito, o kung sino man; kung hindi siya makararating, si Kapatid na Borders, o di kaya’y mayroong iba. May isang paririto, at kukunin ang mga card na ito, mga isandaan nito, at tatayo siya sa harap ng mga tao at babalasin ito. Kaya’t bibigyan ka niya ng card, hindi niya masasabi



sa iyo kung makapapanhik ka rito sa plataporma, hindi niya alam iyon. At kahit ako'y hindi ko rin alam. Pagdating ko sa gabi, basta bubunot lang ako ng mga sampu o labinlima, sa kung saan lang, sa mga card. Wala iyang kinalaman sa inyong kagalingan. Maaari kayong maupo lang diyan. Tingnan n'yo, kagabi. Ilan ba sa inyo ang narito kagabi, tingnan nga natin ang mga kamay n'yo? Ano pa't ang mga tao'y kagyat na lamang na nangagsigaling sa kabuuan ng pagtitipon!

<sup>103</sup> Ngayon, iyan ay walumpu't lima, walumpu't anim, walumpu't pito, walumpu't walo, walumpu't siyam, siyamnapu. Palapitin na natin kaagad sila ngayon. B, walumpu't lima, walumpu't anim, walumpu't pito, walumpu't walo, walumpu't siyam, siyamnapu. Iya'y naging isa... Sigurado, kailangan natin... At kung may isang... Heto pa ang isa, oo, iyan ang makapagpapa-sapat. Siyamnapu, siyamnapu hanggang sa isandaan ngayon. Siyamnapu, siyamnapu't isa, siyamnapu't dalawa, siyamnapu't tatlo, siyamnapu't apat, siyamnapu't lima, siyamnapu't anim, siyamnapu't pito, sigamnapu't walo, -siyam.

<sup>104</sup> Kung hindi kayo makakilos, kung kayo'y... nakikita kong mayroon ditong dalawa, tatlong wheelchair ngayon, tila apat pa, sa paniwala ko, nakikita ko. Kung may prayer card ka, iyon ay—iyon ay kung natawag na ang numero mo, at hindi ka makakilos, itaas mo lang ang iyong kamay, itutulak namin iyan patungo rito.

<sup>105</sup> At kung wala kang prayer card, maupo ka lang diyan at manalangin, at sabihin, “Panginoong Jesus, itulot—itulot—itulot Mong ako naman ngayong gabi.” Ilan ba rito ang walang prayer card, itaas n'yo ang inyong kamay. Ay, naku! O sige, ngayon ganito na lang ang sabihin natin, ako'y umaasa na hindi ito magmumukhang walang pagpapahalaga sa mga sagradong bagay. Datapuwat minsa'y mayroong isang munting babaeng walang prayer card, sasabihin natin. Sumiksik siya sa karamihan, ang sabi niya (ngayon ay makinig nang maigi), “Kung mahihipo ko ang damit ng Lalaking iyan, ako'y gagaling.” Ilan sa inyo ang nakaalam ng kuwento? Mabuti. At ano ang ginawa niya? Hinipo niya Siya, at pumaroon siya't naupo. At pumihit si Jesus sa Kaniyang likuran, alam Niya kung nasaan siya. Tama ba 'yon? Alam Niya kung ano ang diperensiya niya. Tama ba 'yon? Alam Niya kung ano ang diperensiya niya, kaya't sinabi Niya sa kaniya kung ano ang kaniyang diperensiya. At naramdaman niya sa kaniyang katawan na tumigil na ang pag-agas ng dugo. Tama ba 'yon? Ano'ng dahilan? Nahipo niya Siya.

<sup>106</sup> Ngayon, ilan bang Cristianong naririto ngayong gabi ang nakaalam, ayon sa Hebreo, ang Aklat ng mga Hebreo, na si Jesus ngayon mismo ay isang Punong Saserdote, ang Punong Saserdote na mahihipo ng pakiramdam ng ating kahinaan? Siya nga ba? Kung gayon, kung Siya pa rin ang dating Punong Saserdote, sa gayon pa ring katungkulan, Punong Saserdote,

paano kaya Siyang kikilos kung gayon? Kikilos Siyang katulad ng ikinilos Niya noon. Naniniwala ka ba roon? Siya'y kikilos katulad ng ikinilos Niya noon, kung mapaniniwalaan mo iyan. O sige. Ilan sa inyo ang sumasampalataya riyan, itaas ang kamay, sabihin, "Totoong sinasampalatayanan ko ito"?"

<sup>107</sup> O sige, bago nila buuin ang hanay ng panalangin, magkaroon muna tayo ng hanay ng panalangin doon sa gawing iyon. Alam kong naririto Siya. Ako—ako—ako'y nakadarama ng Kaniyang Presensiya, at ako'y—alam kong naririto Siya. Halikayo. Handa na ba ang hanay ng panalangin? Tatawag sana ako riyan. Kayo lamang—lamang ay manalangin tumingin lang kayo rito at manalangin, sampalatayanan n'yo lang Siya.

<sup>108</sup> Isang munting babae ang nakaupo rito at nakatingin sa akin, katabi ng isang babaeng nakasalamin. Hindi n'yo ba nakikita Yaong nasa ulunan ng babaeng iyon? Tumingin kayo rito. Kita n'yo? Siya'y may sakit sa puso. Sumasampalataya ka bang pagagalingin ka ng Diyos? Kung gayon, itaas mo ang iyong kamay. Iyan ang diperensiya mo. Tama 'yan. Ngayon kung iyan ang diperensiya mo, itaas mo ang iyong kamay para makita ng mga tao, itaas mo ang iyong kamay nang paganoon. Ngayon, wala na iyan sa iyo ngayon. Ang pananampalataya mo ang nagpagaling sa iyo.

<sup>109</sup> Siya'y tulad pa rin kahapon, ngayon at magpakailanman. O, mayroong isang pagkalahis; ngunit si Jesus Cristo ay tulad pa rin kahapon, ngayon at magpakailanman. Ito ba'y. . . Ngayon manatili lamang na nananalangin, kita n'yo, hindi n'yo na kailangang pumanhik pa rito, upang malaman ninyo.

<sup>110</sup> Ngayon, ito'y isang babae. Sa abot ng nalalaman ko, hindi ko pa siya nakita kailan man sa tanang buhay ko, siya'y isa lamang babaeng nakatayo rito, at may hawak na prayer card, at hindi mo alam kung matatawag ka o hindi. May nag-abot lang sa iyo ng prayer card, at ikaw—ang numero mo ay natawag, kaya pumarito ka lamang sa itaas. Tama ba 'yan? At wala akong paraan upang malaman ko kung ano ka, kung sino ka, kung taga saan ka, kung ano ang nais mo, wala akong alam dito. Ako'y tao lang, ikaw ang babaeng iyon. Iya'y tama. Ang tagpong ito ay naparito nang minsan sa Biblia, sa San Juan, sa ikaapat na kabanata.

<sup>111</sup> Ngayon sasabihin mo, "Ano'ng ginawa mo, Kapatid na Branham, kangina, ilang sandali pa lang ang nakalipas." Humatak ako sa munting engranaheng iyon, kita n'yo. Hindi ko alam, kita n'yo. Siya ang kailangang gumawa nito. Hindi ko alam. Papaano ang babaeng iyon sa gawing iyon? Hindi ko pa kailanman nakita ang babaeng iyan sa aking buhay. Siya'y isang ganap na estranghero sa akin. Sa paniwala ko'y ito'y isang babae. Sino yaong taong pinagaling ngayon pa lang diyan sa mga tagapakinig? Itaas. . . Oo, tayo'y mga estranghero ba sa isa't-isa? Kung iya'y tama, ikaway mo ang iyong kamay nang *paganito*.

Kita n'yo? Hindi ko pa nakita ang babaeng iyan kailan man. Datapuwat siya'y nakaupo roon, sumasampalataya. Ngayon, may kung Ano siyang nahipo, hindi ba? Walang magagawang buti sa pagsalat sa akin.

<sup>112</sup> Ngunit ngayon hindi n'yo ba nakikita na ang Biblia talaga ang Salita ng Diyos? Siya'y ang dati pa ring kahapon, ngayon at magpakailan man. Tayo'y nagiging mga tabernakulo ng Espiritu Santo na siyang si Cristo. Kita n'yo? Iyan ang tunay na Binhi. At kung ang tunay na Espiritu Santong iyon ay napasa tunay na Binhi ng Salita, hindi. . .Hindi lamang bahagi Nito ang kukunin (dahil ginagamit din Iyon ng Diablo), kailangang kunin n'yong lahat, kita n'yo, bawat Salita Nito; 'pagkat, hindi Siya kalahating Diyos, Siya'y buong Diyos. Kita n'yo? At ganiyan ang mangyayari.

<sup>113</sup> Ngayon, narito ang isang babae, kailan ma'y hindi ko pa siya nakita. Nakatagpo ni Jesus ang isang babaeng tulad nito minsan, marahil ay hindi katulad ng ganitong kalagayan, hindi ko alam. At Siya'y nakaupo sa isang balon. Siya—Siya'y nangailangang magtungo sa Samaria. At makikita natin, ang Samaria ay nasa ibaba ng burol. At—at Siya'y patungong Jericho, pala, at Siya'y lumibot pa sa Samaria, at napasa lungsod ng Sychar. At Siya'y naupo sa balon, at isinugo ang Kaniyang mga alagad upang kumuha ng makakain.

<sup>114</sup> Ilan bang lahi ng tao mayroon sa mundo? Tatlo. Ham, Shem at ang lahi ni Japet. Lahat tayo'y nagmula kay Noe. At ang kalahatan ng mundo ay nalipol nung panahong iyon. Tatlo lang ang lahi ng mga tao, iyang Hudyo, ang Hentil, at ang Samaritano (na mestisong Hudyo at Hentil). At iyan lang ang mga lahing nasa mundong ito, kita n'yo, tatlo lang.

<sup>115</sup> Lahat ng bagay sa Diyos ay sakdal sa tatlo. Tulad ng tatlong ito na sinasabi ko ngayong gabi: tatlong yugto ng pagkalahis, tatlong yugto ng pagiging laman ng Salita, at iba pa. Kita n'yo?

<sup>116</sup> Ngayon, at Siya—Siya na nakipag-usap sa mga Hudyo, ay nagsabi kay Felipe, nang isama niya si Natanael, kung nasaan siya, at sinabing, “Nakita ko na siya nang Siya'y nasa silong ng puno.” Sinabi niya. . .Isinama ni Andres si Pedro, ang sabi Niya, “Ang pangalan mo'y Simon, at tatawagin kang 'Pedro' mula ngayon.” Ang sabi, “Ikaw ay anak ni Jonas.” Kita n'yo? Ngayon, iyon ay pulos mga Hudyo.

<sup>117</sup> Datapuwat narito't Siya'y paparoon sa isang Hentil. . . hindi isang Hentil, kundi isang Samaritano.

<sup>118</sup> Ngayon ang oras ng Hentil. Hindi Niya kailanman ipinamalas ito kahit minsan sa mga Hentil. Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan. Hindi kailan man. Ngunit ipinangako Niya, sa Lucas 22, na gagawin Niya ito bago ang Kaniyang Pagparito.

119 Datapuwat naupo Siya roon, at narito't dumating ang isang mestisang Hudyo at Hentil, isang babae. At sinabi Niya sa kaniya, "Babae, bigyan mo Ako ng maiinom."

120 At ang sabi niya, "Aba, hindi ka dapat humiling sa akin, nang ganiyan. Tayo'y . . . May paghihiwalay dito. Ikaw ay isang Hudyo, at—at ako'y isang Samaritana."

121 Ang sabi Niya, "Ngunit kung kilala mo lang kung Sino ang kausap mo, ikaw ang hihingi sa Akin ng maiinom." Ano ang ginagawa Niya? Inaabot ang kaniyang espiritu. At sa sandaling malaman Niya kung ano ang suliranin niya, aba'y, sinabihan Niya siyang unin ang kaniyang asawa. Sinabi niyang wala siyang asawa. Ang sabi Niya, "Tama iyan, dahil lima na ang naging asawa mo."

122 Ngayon, pagmasdan, nang makita ng mga Fariseong ginagawa Niya iyon. Tama, ang pagkalahis na iyon mismo'y kasama ng Salita, ano ang sinabi nila? Ang sabi nila, "Ang lalaking ito ay si Beelzebub, isang manghuhula." Kita n'yo?

123 At sinabi ni Jesus, "Sino mang magsalita ng ganiyan tungkol sa Espiritu Santo kapag Ito'y naparito upang muli itong gawin, ay hindi mapapatawad kailan man." Hayun ang inyong pagkalahis. Kita n'yo? Datapuwat sinabi Niyang patatawarin Niya sila noon, sapagkat hindi pa napaparito ang Espiritu Santo; ang Hain, ang Cordero ay hindi pa napapaslang.

124 Subalit hindi gayon ang inisip ng babae. Sinabi ng babae, "Ginoo, napapagtanto ko na Ikaw ay isang propeta." Wala silang propeta sa loob ng daan-daang taon. Ang sabi, "Napapagtanto ko na ikaw ay isang propeta. Ngayon, alam namin ang Mesiyas na iyon, na tinatawag na Cristo, kapag Siya'y naparito, ganiyan ang Kaniyang gagawin."

125 Buweno, kung ganiyan ang ginawa Niya noon, kung gayo'y tulad pa rin Siya kahapon, ngayon. Ganoon Niya ipinakilala ang Kaniyang Sarili noon, hindi ba ganito rin ngayon? Nararapat lang! Ngayon, narito ang isang babae, at ang isang lalaki'y muling nagkatagpo. Hindi siya ang babaeng iyon, hindi ako ang Lalaking iyon. Subalit ang Espiritu Santo ring iyon ay naririto, at nagbitiw ng pangako na ang mga gawang ginawa Niya, ay gagawin din natin sa mga araw na ang Anak ng tao ay maipahahayag.

126 Ngayon, hindi kita kilala (at alam mong totoo 'yan), tayo'y lubos na estranghero sa isa't isa, at ikaw ay nakatayo rito. May ilang . . . Marahil ay may suliranin ka, marahil ay wala, hindi ko alam. Ngunit kung ipahahayag sa akin ng Panginoong Jesus, sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu Santo, kung ano ang iyong suliranin, maniniwala ka na bang Ito'y ang Anak ng Diyos, at hindi isang tao? Ito'y isang sisidlan lamang, ang tabernakulong *ito* na—na ginagamit ng Diyos, sinumang Pinili Niya. Siya—Siya'y gumagawa niyon sa pamamagitan ng pinadakilang

biyaya at paghirang. Kaya, ngumit sumasampalataya ka. Sasampalataya ka ba? [Ang babae ay nagsabi ng, “Amen.”—Ed.]

127 Ilan sa tagapakinig ang sasampalataya rito? Narito’t kapuwa kami nakatayo rito sa harap ng mga Ilaw, na di pa kami nagkita kailan man sa buhay na ito, wala akong alam kung sino ang babaeng ito, kung ano siya, kung taga saan siya, kung ano ang nais niya. Hindi ko pa siya nakita kailan man sa buhay ko, tulad din naman nang hindi ko pa nakita ang babaeng *naririyán* sa buhay ko. Ngunit, kita n’yo, ito ang sinisikap kong ipagawa sa inyo: ilayo ang pagkalihis na iyon sa inyo ngayon, at sampalatayanan n’yo ang Salita kapag ang Salita ay nagiging laman dito mismo sa ating kalagitnaan. Ang Salita ay nabubuhay sa ating sariling laman, iyan ang nagpapakita ng Presensiya ng Diyos.

128 Ngayon nawa’y itulot Niya ito sa kaniya. Siya’y nagnanasa ng isang mahalagang bagay. Wala siyang anak, nais niyang magkaanak. Siya’y mga apatnapung taong gulang. Iyan ay tiyak na hindi imposible.

129 Nakaupo sila riyán ngayon, mga babaeng dating baog sa buong buhay nila, at naparito sa platapormang tulad nito, at pinagkalooban sila ng Panginoon ng mga anak. Ang ilan sa inyong nakakaalam nito ay magtaas ng kamay. Kita n’yo? Kita n’yo? Kinarga ko ang isang munting kalugud-lugod na batang babae noong isang araw, Linggo, pagkaalis ko rito, isang Linggo ng hapon; na ang ina niya ay dating baog, ang Panginoon ay nangusap. At ang munting batang babae, ang nakatutuwang munting nilalang, naririto ba siya? Nasaan siya? Oo, narito siya dito, nakaupo mismo. . .dito sa may ibaba. Ang ina niya ay nakaupo roon. Heto mismo ang munting batang babae. Nakikita n’yo ba siya? Siya’y isang binigkas na Salita mula sa Diyos.

130 Ngayon, sasampalataya ba kayo sa Kaniya nang buong puso? Sumasampalataya ba kayong ang pagpapalang nasa inyo, na nararamdaman ninyo sa inyong kalooban ngayon, ay ang Diyos na tumutugon? Kung sasabihin sa akin ng Diyos kung ano ang pangalan mo, nang sa gayo’y mapangalanan mo ang sanggol, sasampalataya ka ba? Kung gayon, Gng. Thompson, maaari ka nang umuwi at tatanggapin mo ang iyong sanggol, kung sasampalataya ka rito nang buong puso mo.

131 Sumasampalataya ba kayo nang buong puso niyo? Manampalataya lang, huwag mag-alinlangan, maniwala lamang sa Diyos. Ang Diyos ay Diyos.

132 Kumusta po kayo, ginoo? Palagay ko’y tayo’y estranghero, rin. Ang tanging pagkakataong nakita kita sa tanang buhay ko, na alam ko, ay nang ika’y papunta roon. At ang akala ko’y ikaw ang tiyuhin ni Kapatid na Shakarian, o sino ba iyon. . . Mashagian, Kapatid na Mashagian, ang mang-aawit, nang ikaw ay dumaan. At pagkatapos ay nakita kitang patungo sa hanay

ng panalangin. Ngayon, bilang estranghero sa iyo, at, o sa iyo, at ako'y isang estranghero, bawat daan. Ngayon, kung sasabihin sa akin ng Panginoong Jesus ang isang bagay na iyong—na ikaw ay, marahil kung ano ang ninanais mo, sabihin na lang nating gano'n; kung sasabihin ko sa iyo kung ano, kung sasabihin Niya sa akin kung ano ang ninanasa mo. Ngayon, ipinagkaloob na Niya ito sa iyo. Ang kailangan mo na lang ay ang sapat na pananampalataya upang paniwalaan ito.

<sup>133</sup> Ngayon, ilan sa inyo ang nakauunawa niyon? Sapat lang na pananampalataya upang paniwalaang makakamit mo ang iyong hinihiling! Kita n'yo?

<sup>134</sup> Ngayon, ngayon, kung naririto ka sa may itaas na may isang bagay na ninanais, at magagawa Niyang sabihin sa akin kung ano ang iyong pagnanasa, kung magkagayo'y batid mong hindi ko alam ang iyong pagnanasa, kung gayon ito'y nararapat na Isang Bagay na naririto na siyang gumagawa nito. Ngayon, ayon sa Salita, ipinangako Niyang gagawin iyon. Batid Niya ang mga kaisipang nasa kanilang mga puso. Tama ba 'yon? Tama.

<sup>135</sup> Mayroon kang masidhing pagnanasang gumaling. Unang-una, ikaw ay dumaranas ng nerbiyos, matinding nerbiyos. Tama 'yan. Isa pa, may problema ka sa likod, at naging napakasakit ng likod na iyan sa loob ng ilang panahon, at pinaoperahan mo pa nga ito. Iyan ay GANITO ANG SINASABI NG PANGINOON. Iya'y totoo. Kita mo. Iya'y tama. At heto pang isa, ang iyong malalim na pagnanasa, ay, ang matanggap mo ang bautismo ng Espiritu. Iya'y tamang-tama. Halika rito.

<sup>136</sup> Minamahal na Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, mapuspos nawa ang lalaking ito ng Espiritu Santo, ang mga pangangailangan nawa'y maipagkaloob, sa Ngalan ni Jesus. Amen.

Ngayo'y tanggapin mo Ito, kapatid ko. Sumampalataya ka lamang, huwag mag-alinlangan.

<sup>137</sup> Kumusta ka? Wari ko, sa abot ng aking kaalaman, na tayo'y estranghero sa isa't isa. Kung iya'y tama, bakit, upang malaman ng mga tao, itaas mo lang ang iyong kamay para makita nila na tayo'y estranghero sa isa't isa. Hindi ko pa siya nakita kailan man sa buhay ko, nang sinasadya. At sa palagay ko ay hindi niya pa rin ako nakita kailan man, 'liban doon sa kinararoonan ng mga tagapakinig. Dahil alam ng Tagalangit na Ama, at naririto ang Kaniyang Salitang nakalatag dito, na hindi ko pa nakita kailan man ang babae, nang namamalayan ko, sa buhay ko. Kung gayon, hindi ko malalaman kung bakit ka naririto, wala akong hinagap kung sino ka, kung ano, o walang anumang tungkol sa iyo. Wala akong masasabini isang bagay.

<sup>138</sup> Iisang bagay lang, ito'y isa lamang kaloob. Kung magagawa kong... Tulad ng narinig mong pagpapaliwanag ko riyang kanina. Umisod ka lang, pakinggan mo kung ano ang sinasabi

Niya; kung ano ang nakikita ko, ay magagawa kong sabihin. Ang hindi Niya sinasabi, ay hindi ko masasabi. Kung sasabilin ko iyan sa aking sarili, at ito'y magiging mali. Kita n'yo? Mamamali ito. Subalit kung sinasabi Niya ito, ito ay walang pasubaling tama. Hindi ito kailan man, hindi pa ito kailan man naging mali. Hindi ito kailan man magiging mali habang Ito ay nananatiling Diyos. Kita n'yo? Kita n'yo, dahil hindi maaaring magkamali ang Diyos.

<sup>139</sup> Datapuwat kung masasabi sa akin ng Diyos kung ano ang nais mo, kung ano ang pagnanasa mo, o—o kung bakit ka naririto, isang bagay na nagawa mo, o ano man, anumang tulad niyaon, o kung sino ka, taga saan ka, o kung anumang ang nais Niyang sabihin sa akin, sasampalataya ka ba? Salamat.

<sup>140</sup> Isang bagay, may problema ka sa iyong mga paa. Pinahihirapan ka ng iyong mga paa. [Ang babae ay nagsabi, Oo.”—Ed.] Iya’y tama. Itaas mo ang iyong . . . Mayroon kang sakit na pambabae, karamdamang pambabae. [“Oo.”] At mayroon kang masidhing pagnanasa sa iyong puso, dahil nawalan ka ng mahal sa buhay o ng isang bagay. Ito’y isang batang lalaki, at ang anak mong lalaki ay umalis ng bahay, naglayas, at nais mong manalangin ako para magbalik siya. [“Oo.”]

<sup>141</sup> Diyos sa Langit, isugo mo ang kaniyang anak sa kaniya. Nawa ay pigilin ng Espiritu Santo ang batang iyon sa daan ngayong gabi, Panginoon, pabalikin mo siya sa kaniyang ina. Sa Ngalan ni Jesus. Amen.

<sup>142</sup> Siya Na nakaalam ay magpapabalik sa kaniya sa iyong piling. Huwag kang mag-alala. Sumampalataya ngayon, huwag mag-alinlangan. Manampalataya ka lang, nang buong puso mo. Sumampalataya ka, at ang Diyos ang magkakaloob ng lahat ng iba pa niyon.

<sup>143</sup> Ngayon, iyon lamang tatlo o apat na mga pagkilala, ano man iyon, kita n'yo, ako’y—ako’y nagpapatuloy lamang hanggang ako’y magmistulang bulag. Hindi ko iyan maipaliliwanag, walang paraan upang maipaliwanag ito. Sasabihin mo, “Ibig mong sabihin, iyan lang ay mas matindi pa kaysa sa ginawa mong pangangaral sa loob ng apatnapu’t limang minuto o higit pa, sa palagay mo?” Opo, ginoo. Kahit nga tatlong oras pa, ay hindi ito magiging kasing-tindi nito.

<sup>144</sup> Isang babae ang humipo sa damit ng ating Panginoong Jesus. At hindi naman ako hinihipo ng mga taong iyon. Aba, ang babaeng ito rito, tumingin lang kayo rito, magagawa niyang . . . [Sinabi ni Kapatid na Branham sa babae, “Ipatong mo ang kamay mo sa akin, kita n'yo.”—Ed.] Siya’y humipo lamang sa akin nang buong-buo, walang isang bagay na magagawa, tao lang ako. Datapuwat kailangang Siya ang mahipo niya. At ako, sa pamamagitan ng isang kaloob, basta’t—basta’t. . . basta na lang itong gumagana, ang buo kong katauhan ay umaalis, at

sinasabi ko lang kung ano ang nakikita ko. Kita n'yo? At iyon lang. Ang mahipo niya ako ay walang kabuluhan, datapuwa't nahipo niya si Jesus sa pamamagitan ko. Ganoon nahihipo ng babaeng iyon ang Diyos sa pamamagitan ni Jesus, nang hindi Niya nalalaman kung ano ang nangyayari sa kanya. Basta't hinipo niya ang Kaniyang damit, humayo at naupo. At sinabi Niya—at sinabi Niya, “Sino ang humipo sa Akin?”

<sup>145</sup> At ang mga apostol ay nagsabi, “Aba, lahat ng tao'y humihipo sa Iyo. Bakit Mo sinasabi iyan?”

Ang sabi Niya, “Nguni't naramdaman kong may lumabas na makapangyarihang bisa mula sa Akin.”

<sup>146</sup> Ngayon, alam ba ninyo kung ano ang makapangyarihang bisa? Lakas. Nanghina Siya dahil sa paghipo sa Kaniya ng isang babae, at Siya ang Anak ng Diyos. Gaano pa kaya ako, isang makasalanang naligtas ng Kaniyang biyaya. Alam n'yo kung bakit mas higit ito? Sapagkat sinabi Niya, “Itong mga bagay na Aking ginagawa, ay gagawin n'yo rin. Higit pa kaysa rito ang inyong gagawin dahil ako'y paroroon sa Aking Ama.” “Higit pa,” ang sabi roon, ngunit ang tamang paliwanag sa Griyego ay, “Higit na marami kaysa rito ang gagawin ninyo.”

<sup>147</sup> Ngayon, ang babae ay hindi ko kilala. Wala akong alam tungkol sa kaniya. Siya'y lubos na estranghero sa akin tulad ng iba pang mga tao. Kami'y estranghero sa isa't isa. Para lang ito'y malaman ng mga tao, maaari mong itaas ang iyong kamay, sabihing “kami ay estranghero.” Ngayon, ang Anak ng Diyos, nang minsan ay nakatagpo Niya ang isang babae sa isang munting tanawing katulad nito, sa tabi ng isang balon, at nakipag-usap Siya sa kaniya ng ilang sandali, at nalaman Niya kung nasaan ang kaniyang problema, at sinabi Niya sa kaniya kung ano ang kaniyang problema. At nalaman niya sa pamamagitan noon, na iyon nga ang Mesiyas. Ngayon iyan—iya'y aking...Hinipo mo ako, hinipo kita, at walang nangyari. Ngunit kung ang pananampalataya ko (sa pamamagitan ng isang kaloob) at ang pananampalataya mo (sa pamamagitan ng pagsampalataya rito) ay makahihipo sa Kaniya, at makapangungusap Siya sa pamamagitan natin upang...sa pamamagitan ko sa iyo, kung gayo'y alam mo na Siya ay naririto gaya nang siya ay naroon—naroon sa balong iyon ng Sychar. Kita n'yo? Siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailan man. Sinasampalatayanan mo ba 'yon?

<sup>148</sup> Napakarami mong karamdaman, napakarami mong sakit, mga komplikasyon! Isa sa mga pangunahing bagay na nais mong maipanalangin ay ang rayuma. Iya'y tama. Tama ba? Naninigas ang iyong katawan dahil sa rayuma. Kapag nakita mo itaas mo ang iyong bisig... .

<sup>149</sup> At mabagal kang lumakad, sa abot ng aking pang-alala. Marahil ay maghintay ka ng isa pang sandali, maaaring mayroon



pang ibang masasabi na makapag-aalis sa . . . Banda rito, ikaw—ika’y makadarama ng mga bagay, alam mo, tulad sa hiningang sumasalubong Dito. Sinasabi nila, “Naku, hinulaan niya ‘yon,” o, alam n’yo na, katulad niyan.

<sup>150</sup> Ngunit, mukha ka namang mabuting tao, makipag-usap ka lang sa akin sandali. Tumayo lang tayo rito saglit, dahil sa palagay ko’y mayroon pang ibang bagay sa iyong puso na ninanais mo mula sa Diyos. Ngayon, hindi ko matutugunan ang panalangin mo, ngunit magagawa Niyang . . . Dahil, kung ikaw ay nananalig rito, natugon na ito. Pero kung nais mo lang sumampalataya; upang makapanampalataya ka. Ngayon, sinasabi ko sa iyo, ito’y tungkol sa isang mahal sa buhay na wala rito, at iyon ay isang kapatid na lalaki, at ang kapatid na iyon ay ni wala nga sa bansang ito. Siya’y nasa isang parang matubig na bayan, maraming lawa. Masasabi ko na ito’ para bagang tulad ng sa Michigan o kaya’y . . . Oo, sa Michigan nga iyon. At siya ay nagbabata ng isang nakamamatay na sakit, at iyon ay isang walang lunas na sakit sa bato na siyang bumabagabag sa kaniya. Iya’y tama, hindi ba? Iya’y GANITO ANG SINASABI NG PANGINOON. Ngayon, ang panyong hawak mo sa iyong kamay, na itinaas mo sa Diyos, ipadala mo iyan sa iyong kapatid at sabihin mo sa kaniyang huwag mag-alinlangan, bagkus ay sumampalataya, at iyon ay, siya’y gagaling na ngayon kung sasampalatayanan mo ito.

<sup>151</sup> Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? Kita mo, kung gayon, kung ika’y sumasampalataya, isang bagay lang ang dapat gawin, iyo’y, ang tanggapin ito nang walang pasubali. Tama ba ‘yon?

<sup>152</sup> Ngayon sasabihin mo, “Tinitingnan niya ang mga iyon, silang mga tao. Iyon ang ginagawa niya, tinitingnan sila.” Iyan ay nakikita n’yo nang labis!

<sup>153</sup> Ngunit marahil hindi n’yo ito nalalaman . . . Itong binibining nandito, pumunta ka banda rito, ang binibini, dito, ang pasyente, sino ka man. Hindi ko siya tinitingnan. Naniniwala ka bang magagawa ng Diyos na ihayag sa akin kung ano ang iyong suliranin? Itaas mo ang iyong mga kamay, kung naniniwala ka, ang binibining ito rito, ang binibining ito rito, ang pasyente. Oo. Oo. Tama, binibining kung gayon kung sasampalatayanan mo iyan nang taos sa puso mo, ay hindi ka na muling gagambalain ng hikang iyan. Tama, umuwi ka at sampalatayanan ito! . . .? . . .

<sup>154</sup> Hindi tumingin sa kaniya, hindi ba? Kita n’yo, Siya . . . Tumingin kayo *rito*, ang pangitain ay naroroon kahit ano pa man ang mangyari. Amen! Hindi n’yo ba ito nakikita? Sadyang tamang-tama gaya ng ang Diyos ay perpekto!

<sup>155</sup> Sumasampalataya ka, rin? Iwan ka rin ng hika, hindi ba? Naniniwala ka bang ito’y aalis? Kung gayon, sabihin mo sa Panginoong Jesus na ika’y—ika’y sumasampalataya sa Kaniya.

156 Balang araw ay kakailanganin mong magdala ng isang— isang munting tungkod para sa iyong paglalakad kapag nilumpo ka ng rayumang iyan, ngunit hindi nito ito magagawa. Hindi ka malulumpo, hindi ka naniniwalang ito ay mangyayari, hindi ba? Naniniwala ka bang gagaling ka? Humayo ka, at pinapagaling ka ni Jesus Cristo.

157 Ang sakit sa puso ay pumapatay ng tao, ngunit hindi ka kailangang mapatay nito. Naniniwala ka bang pagagalingin ito ng Diyos para sa iyo, at ikaw ay paiigihin? Humayo kang sinasampalatayanan ito nang taos sa puso mo, sabihing, “Ako’y totoong sumasampalataya para rito.”

158 Nakapagsasalita ka ba ng Ingles? Nakauunawa ka ba ng Ingles? [Ang sabi ni Kapatid na Branham, “Lumapit rito ang isa sa inyo.” Lumapit ang isang tagasalin—Ed.] Oo, o sige. Maaari mo bang sabihin sa kaniya kung ano ang sinasabi ko sa kaniya? Sabihin mo sa kaniyang kung sasampalataya siya, ang sakit sa tiyan ay iiwanan siya. Siya—siya ba’y sasampalataya rito? Iiwan ka na rin ng sakit mo sa likod, kaya ngayon ay maaari ka nang humayo at gumaling.

Kumusta ka? Sumasampalataya ka ba? [Ang sabi niya, “Opo, ginoo”—Ed.]

159 Ang lalaking iyon na nakaupo na may sakit sa likod, nakatingin siya sa akin nang sabihin ko iyon. Gagaling din siya, kung sampalatayanan mo ito, ginoo. Mabuti po, ginoo.


160 Ang babaeng nakaupo sa tabi mo riyon, may diperensiya ka sa leeg, hindi ba, babae? Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? Nais mo bang patungan ng iyong mga kamay ang batang lalaki para sa kaniyang mga tuhod, at nang siya’y gumaling, din. Sinasampalatayanan mo ba ito? Mayroon kang pambabaeng karamdaman dati, sakit ng kababaihan, wala na ito sa iyo ngayon. Pinagaling ka na ng pananampalataya mo at pinaigi ka na nito.

161 Sumasampalataya ba kayo kay Jesus Cristo, ang dati pa ring kahapon, ngayon, at magpakailan man? Kung gayo’y ipatong natin ang ating mga kamay sa isa’t-isa at idalangin ang panalanging ito ng pananampalataya, bawat isa sa atin, ay magdasal ng panalangin ng pananampalataya.

162 Mimamahala na Diyos, habang kami’y lubos na nalulukuban ng Iyong Makalangit na Presensiya, upang makita Ka na kumikilos sa mga tagapakinig, pinagagaling ang mga maysakit sa lahat ng dako. Ikaw ay Diyos. Idinadalangin ko na pagagalingin Mo ang buong tagapakinig na ito. Hayaan ang Hininga ng Diyos ay manaog nang sariwa sa kanilang mga puso, at ipabatid mo sa kanila na nauubos na ang oras. Kaunting panahon na lang ang ititigil namin dito, pagkatapos ay makakapiling na namin Siya Na aming iniibig. At nawa

ngayon ang Kaniyang Presensiya ay maghatid ng kagalingan sa bawat isa.

<sup>163</sup> Kinukundena namin si Satanas, kinukundena namin ang lahat ng kaniyang mga gawa. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, Satanas, lumabas ka mula sa mga tao.

<sup>164</sup> Lahat ng sasampalataya sa Kaniya ngayon, at tatanggap ng inyong kagalingan, magsitayo kayo, sabihin, “Ako ngayo’y tumatayo para tanggapin ang aking kagalingan. Sinasampalatayanan ko ito.” Kahit ano pa ang iyong kalagayan, kung tunay mo itong sinasampalatayanan, tumayo ka. Ngayon itaas mo ang iyong mga kamay, at sabihin, “Salamat, Panginoong Jesus, sa pagpapagaling sa akin.” Sumainyo nawa ang Diyos. 

*ANG BINHI NG PAGKALIHIS* TAG65-0118  
(The Seed Of Discrepancy)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Linggo ng umaga, Enero 18, 1965, sa Westward Ho Hotel, sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa isang magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Tagalog ay nilimbag noong 1996 ng:

TAGALOG

©1996 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)